# *ANG NAKILALANG CRISTO SA LAHAT NG KAPANAHUNAN*

Ang ilang Mga Kasulatan dito na nais kong tukuyin sa gabing ito. Ako'y nag-iisip ng paksa kung ano ang ipinarito natin. Nais kong bumasa ng isang bahagi ng Kasulatan, na ako'y naniniwala na ang lahat, sa bawat pagtitipon, ay dapat na magkaroon ng pagbasa ng Salita ng Dios. Sapagkat, alam kong maaari Niya tayong katagpuin nang walang pagbasa ng Salita, ngunit ako'y lubos na natatakot na ako'y magkamali. Kaya kung babasahin ko ang Kanyang Salita, alam kong walang pagkakamali Diyan. Kaya ako—aking binabasa ang Kanyang Salita, pagkatapos ay nalalaman kong may isang bagay na darating mula sa pagtitipon, dahil sa pagbasa sa Kanyang Salita.

2 At kung gayon, sa pagbase ng ating kaisipan sa Kasulatan na ating babasahin, isang dako ay makikita sa San Juan, sa ika-10 kabanata, magmula sa ika-32 talata at ika-39, kalakip; pagkatapos sa isang pamilyar na lumang teksto, Mga Hebreo 13:8. Ngayon sa San Juan, sa ika-10 kabanata, magmula sa ika-32 talata, mababasa natin ang ganito:

> At *sinagot sila ni Jesus, Maraming mabubuting gawa na mula sa Ama ang* ipinakita ko sa inyo*; alin sa mga gawang* ito *ang dahilan at babatuhin ninyo ako?*
>
> *Sinagot siya ng mga Judio, na sinasabi, Hindi dahil sa mabuting gawa ay binabato ka namin; kundi sa pamumusong; at sapagka't. . .ikaw, bagaman ikaw ay tao, ay nagpapakunwari kang Dios.*
>
> *Sinagot sila ni Jesus, Hindi baga nasusulat sa inyong kautusan, Aking sinabi, Kayo'y mga dios?*
>
> *Kung tinawag niyang mga dios, yaong mga dinatnan ng salita ng Dios, at hindi mangyayaring sirain ang* mga kasulatan;
>
> *Sinasabi baga ninyo tungkol sa kaniya,* na *pinabanal ng Ama, at sinugo sa sanglibutan, Ikaw ay namumusong; sapagka't sinasabi ko, Ako ang Anak ng Dios?*
>
> *Kung hindi ko ginagawa ang mga gawa ng aking Ama, ay huwag ninyo akong sampalatayanan.*
>
> *Datapuwa't kung ginagawa ko ang mga yaon, kahit hindi kayo magsisampalataya sa akin, ay magsisampalataya kayo sa mga gawa: upang maalaman*

*ninyo, at mapagunawa, na ang Ama ay nasa akin, at ako'y nasa Ama.*

*Kaya muling pinagsikapan nilang siya'y hulihin: nguni't siya'y tumakas sa kanilang* mga kamay,

3 At sa Mga Hebreo, ika-13 kabanata at ika-8 talata.

*Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon. . .ngayon, at magpakailan man.*

4 Tayo'y dumalangin. Makalangit na Ama, pabanalin ang mensahero sa gabing ito, Panginoon, sa Mensahe, at ang tagapakinig ng Salita, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

5 Ngayon habang patungo tayo sa tekstong ito, isang munting pormal na teksto lang para sa unang gabi, upang makaalam pa, nais kong gamitin ang teksto, na. . .*Ang Nakilalang Cristo Sa Lahat Ng Kapanahunan.*

6 Ngayon ang Aklat ng Mga Hebreo rito ay nagsasabi sa atin na Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

7 At nabasa natin sa Biblia rito na ang mga Judiong iyon ay tinatanong Siya. Nalaman natin na ang mga Griyego ay tinanong Siya. At iyon ay isang paulit-ulit na tanong. Iyon ay dahil sa napakaraming tao ang may napakaraming iba't ibang interpretasyon tungkol sa Kanya.

8 Walang sinumang nakarinig tungkol sa Kanya ang hindi nasasabik na makita Siya. Ako'y nakatitiyak na kung ako'y makapagtatanong ngayong gabi, "Ilan sa inyo ang nais makita si Jesus?" bawat kamay ay magtataas. Walang isa man na—wala ni isang tao na nakarinig tungkol sa Kanya ang hindi nasasabik na makita Siya.

9 Merong isang bagay tungkol sa maging ang Kanyang Pangalan, na sadyang. . .ito'y sadyang umaakit sa atin. Merong isang bagay tungkol dito na nakakapanabik sa ating puso, ang marinig lamang ang Pangalang iyon na, Jesus. Sapagkat, sa Pangalang iyan ay meron tayong kapatawaran sa kasalanan, meron tayong katubusan, dahil ang buong pamilya sa langit ay magiging. . .magtataglay ng Pangalang iyan. At kaya tayo. . . Ang Dios na kinukuha ang pang-taong Pangalan na ito para ikabit sa Kanyang Sarili nang Siya ay mahayag sa laman. Anong kamangha-manghang Pangalan!

10 Ngayon ating—ating iniisip Siya bilang isang napakadakila! At mula pa noong mga unang panahon, lahat ng tao ay humibik upang makita ang Dios. Ngayon ang problema dito, mula pa noong panahon ni Job. . .

11 Sa tingin ko ang Job ay ipinapalagay na isa sa mga pinakamatandang Aklat ng Biblia. Ito'y ipinaloob lamang. Naisulat ito noong mga panahon ni Moises, si Moises na isinulat ang—ang unang apat na mga aklat.

12 Ngayon tayo'y naniniwala na—na si Job, doon, ay sumigaw na minsan, "Kung makikita ko lamang Siya! Kung alam ko lang kung saan ako maaaring pumunta patungo sa Kanyang tahanan! Nais kong," sa ibang salita, "kumatok sa Kanyang pintuan."

13 Alam nating lahat na tayo'y nanggaling sa kung saan. Tayo'y nasa likod ng kung anong tabing na ating . . . Merong isang bagay sa atin na may inaabot na isang bagay, na alam natin na tayo'y nanggaling sa kung saan. Hindi tayo maaaring maging kung ano tayo nang walang nasa likuran natin para gawin tayong ganito.

14 Ang aking relo ay hindi basta nagkataon lang. Sinuman na may matinong pag-iisip ay malalaman na ang relo, ang mga batong panrelo, at pag-ooras, at mga kaayusan, at mga spring, at—at mga kamay, hindi iyon basta nagkataon lang. Iyon ay napakaimposibleng magkaganun.

15 Masdan ang lahat ng iba pang nilikha, kung paano ito nakaayos nang magkakasama. Alam nating hindi ito maaaring basta na lang nagkataon. Gaano kadakila ang tao kaysa sa relo! Ang tao ang nagdisenyo ng relo, at itinugma ito sa oras, at pinagsama-sama iyon. Kaya kung ang relo ay imposibleng nagkataon lang, gaano pa kaya kaimposible na ikaw at ako ay nagkataon lang na naririto? Kailangang magkaroon ng isang manlilikha sa likod natin. Kung pagmamasdan natin ang Kanyang dakilang nilikha, kung paano ito gumagalaw, at kung paano Siya nananahan dito, nananahan sa loob nito.

16 Mapapansin natin ang dahon, kung paano nakabitin ang dahon sa isang puno. At sa bandang kalagitnaan ng Agosto, walang niyebe o anuman, ang buhay ay umaalis dito at pumupunta pababa doon sa ugat. Ang dahon ay nahuhulog at tuluy-tuloy na bumabagsak sa ibabaw ng lupa. Ngayon ano ang nangyari? Merong isang Karunungan na nangungusap dito. Ang punong-kahoy ay walang karunungan sa kanyang sarili. Kaya ang buhay ay bumababa patungo sa ugat ng punong-kahoy, upang magtago mula sa panahon ng taglamig. Kung ito . . . Kung ito'y mananatili doon sa itaas, ito'y mamamatay, papatayin ito ng taglamig.

17 Ngayon anong ginagawa ng dahon? Ito'y humihimlay sa lupa at nabubulok. Ano ang ginagawa ng buhay habang ito'y nasa ugat? Sinisipsip nito pabalik ang sustansya mula sa patay na dahong iyon, ang calcium at anumang sumasama rito, at muling lumilitaw sa panahon ng tagsibol, at muling bumabalik agad sa kanyang lugar, muling nagpapasulpot ng ibang dahon. Ito'y isang patotoo; pagkamatay, paglilibing at muling pagkabuhay.

18 Ang araw ay sumisikat sa umaga, katulad ng munting sanggol na isinilang. Alas-otso o alas-nuwebe ito'y nasa paaralan. Alas-diyes ito'y tapos na mag-aral. Alas-dose ito'y nasa kalagitnaan ng edad. At pagkatapos ay nagsisimula itong mamatay, mamamatay uli at lulubog sa Kanluran. Iyan lang

ba lahat? Sisikat kinaumagahan, upang magpatotoo; buhay, kamatayan, paglilibing, at muling pagkabuhay. Bawat bagay, lahat, ang Dios ay nananahan sa Kanyang nilikha. Ginagawa Niya iyan at nagawa na Niya sa lahat ng panahon.

19 Ngayon, isang paraan lamang na malalaman natin kung patuloy pa bang nabubuhay ang Dios. Makikita natin Siya sa Kanyang nilikha, ngunit paano nga kaya naipakita ng Dios ang Kanyang Sarili sa mga tao na . . .

20 May magsasabi, "Buweno, nasaan ang Dios? Masyado kang maraming sinasabi tungkol sa Kanya."

21 Sa Aprika, sa mga pagpapalaganap ng ebanghelyo doon, at sa gitna ng—sa wikang Afrikaans, kanilang ginagamit ang salitang *amoyah*, na ang ibig sabihin, "isang di-nakikitang puwersa," tulad ng hangin. "Ang inyong Dios," sabi n'ya, "ang di-nakikitang Dios, Siya—Siya ay tulad ng hangin. Siya ay kapangyarihan, ngunit tayo—hindi natin Siya nakikita."

22 Buweno, ako'y naniniwala na maaari natin Siyang makita. Dahil, makikita natin sa ika-12 kabanata ng San Juan, may mga Griyego na pumaroon upang makita si Jesus, at sinabi nila, "Ginoo, nais naming makita si Jesus," at sila'y dinala sa Kanya, ng isa sa Kanyang mga alagad. At sa Mga Hebreo 13:8 sinabi, "Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." At kung Siya'y maaaring puntahan nang ganun noong mga panahong iyon, para makita ng isa sa Kanyang mga alagad, bakit hindi tayo na Kanyang mga alagad, sa gabing ito, ay dalhin ang mga naghahanap sa Kanyang Presensiya, kung Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman? Sinasabi ng Biblia na Siya nga, "Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

23 Ngayon, alam kong ito'y parang diretsahan. Pero kung pagpapasensyahan n'yo lang kami ng ilang sandali, naniniwala ako na ako, sa tulong ng Dios, kasama ng Kanyang Salita at ayon sa Kanyang Salita, madadala ko Siya rito mismo sa inyong harapan. At pagkatapos, iyan, anong kaaliwan! Iyan ay kung bakit tayo naririto. Tayong mga Cristiano ay naririto upang makasumpong ng kaaliwan, upang—upang dalhin, upang magtungo sa Presensiya ng Dios na alam natin, na makapagbabangon sa atin tulad ng Kanyang ginagawa sa dahon, na makakapagpanumbalik sa atin.

24 Ito ba'y isang alamat lamang, ito ba'y kung anong mga salita lamang na pinagsama-sama, ito ba'y kung anong mga alamat ng mga Judio, o ito ba ay isang Katotohanan? Kung saan may napakaraming kamalian, kailangang may isang Katotohanan sa kung saan. Kung saan may isang pekeng dolyar, masasabi ko na may isang tunay na pinagkunan nito. At kung saan may napakaraming panggagaya, at napakaraming mga bagay na

nakikita natin ngayon, tiyak na may isang tunay na Dios sa kung saan.

25 Ngayon, kung hindi tayo naglilingkod sa Kanya, kung gayon lumayo tayo mula sa bagay na ating ginagawa at tumungo upang paglingkuran Siya. Dahil, pagkatapos ng lahat, anong buti ng pagpapahayag natin ng paniniwala, kung walang anuman dito? At ang ating sinseridad ay hindi—hindi tayo inaalis mula sa paghatol. Ang mga pagano ay sinsero. Ang mga taong umiinom ng carbolic acid minsan, sinsero, iniisip na sila'y umiinom ng ibang bagay. Hindi ito ginagawa ng kasinseruhan. Ito'y dapat na isang paraan na tama, at isang paraan na mali.

26 Naniniwala ako na ang Biblia ay tama. Naniniwala ako na ang Salita ng Dios ay tama. Ngayon ang Dios ay kailangang humatol. [Inigi ni Kapatid na Branham ang kanyang lalamunan—Pat.] Ipagpaumanhin n'yo. Kailangan Niyang hatulan ang sanlibutan sa pamamagitan ng isang bagay.

27 Ngayon nung ako'y bata pa, ang pamilya ko bago ako, hindi ang aking ama at ina, kundi bago iyon, kami ay Irish sa magkabilang panig, kaya, kami, ito'y Katoliko at natural lamang para sa akin na bumalik sa isang simbahang Katoliko. Buweno, ang aking ama at ina ay ikinasal sa labas ng simbahan, at sila'y hindi nagsisimba. At pagkatapos nang ako ay dumating sa tamang edad, para malamang mayroong Dios, gaya ng marami sa inyo ang nakabasa sa aking aklat, ako—alam ko na may Dios sa kung saan.

28 Ngunit ngayon, ang kaisipan tungkol dito ay, kung hahatulan ng Dios ang sanlibutan sa pamamagitan ng iglesya, kung gayon magiging sa anong iglesya ito? Kung ito'y sa pamamagitan ng simbahang Katoliko, kung gayon aling iglesyang Katoliko? Ang Romano, ang Orthodox, o sa pamamagitan ng aling iglesya Niya ito hahatulan? Kung hahatulan Niya ito sa pamamagitan ng Protestante, ito ba'y sa pamamagitan ng Methodist, Baptist, Pentecostal, Presbyterian? Alin dito? Kita n'yo, napakaraming kalituhan dito.

29 Kaya may taong magsasabi, "Buweno, ito lamang . . . " Oh, oo, ganun nga. "Ito'y walang anuman, habang ikaw ay sinsero."

30 Ang unang Aklat sa Biblia, ano ang naging sanhi ng kamatayan, karamdaman, kapighatian, at kasalanan, ay sa dahilang may isang taong nag-alinlangan sa isang Salita. Sa huling Aklat ng Biblia, ang siya ring Dios, sa Apocalipsis 22, ay nagsabi, "Sinuman ang mag-alis ng isa mang Salita, o magdagdag ng isa mang salita Dito, ang kanyang bahagi ay aalisin mula sa Aklat ng Buhay." Kaya iyan ang dapat na maging Aklat ng paghatol.

31 Ngayon ating nalaman, na, "Sa pasimula," San Juan 1, "sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Dios, at ang Salita ay Dios. At ang Salita ay nagkatawang-tao at tumahan sa

gitna natin. Amin Siyang nakita, ang bugtong na anak ng Ama, na ang Salita Mismo, ang Dios, ay nagkatawang-tao at nanahan sa gitna natin."

32 Ang Mga Hebreo 13:8 ay nagsasabi, "Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan pa man." Kung gayon kung Siya ay siya pa rin, at ito'y ang Salita, kung gayon, paano inihayag ng Salita ang Sarili Nito sa lahat ng kapanahunan? Ito'y kinakailangang gawin Nito mismo sa gayon ding paraan ngayon, para maging si Jesus Cristo na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Iyan ay wala na kundi Katotohanan. Siya ay ang Salita; at kung saan, paano nahayag ang Salita sa lahat ng iba pang mga panahon. Ang Dios ay hindi nagbabago sa Kanyang Sarili. Ang Malakias 1 o. . .Malakias 3:6 ay nagsasabing hindi Siya nagbabago. "Ako ang Dios, hindi Ako nagbabago."

33 Kaya eksakto sa kung ano Siya sa pasimula, Siya rin ngayon. At Siya ay ang Salita, para sa sangkatauhan, sa pasimula. Ang Dios ay hindi kailanman nagbigay sa sangkatauhan ng isang iglesya na pagsasandigan, hindi kailanman nagbigay ng kredo na pagsasandigan. Kanyang pinatibay ang tao ng Kanyang Salita, "Sampalatayanan ang Salitang ito at mabuhay!" Ito'y ang gayon ding bagay ngayon. At si Cristo ay ang Salitang iyan, "Sa pasimula ay ang Salita, ang Salita ay sumasa Dios, at ang Salita ay Dios. At ang Salita ay nagkatawang-tao at nanahan sa gitna natin." Ngayon, kung ano Siya sa ibang mga kapanahunan, kung gayon ay nararapat na maging gayon din Siya ngayon, kung Siya ay nananatiling siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man. Kung saan, sa aking palagay ay lubos ko nang naipaliwanag na ito'y si Jesus Cristo na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man, at Siya ay ang Salita.

34 Ngayon, sinabi ni Jesus, "Ang Mga Kasulatan ay hindi maaaring sirain." Ang Mga Kasulatan ay totoo. At ang Kasulatan ay nagsasabi, sa San Juan 1, na, "Ang Salita ay nagkatawang-tao, at nanahan sa gitna natin." Ang Dios ay nagkatawang-tao, sa Kanyang Anak, si Jesus Cristo, at nanahan sa gitna natin. Sa San Juan 10:35, tinawag ni Jesus 'yung mga dinatnan Niya, na siyang Salita sa pasimula, "mga propeta." Sinabi ni Jesus dito, "Ang inyong sariling kautusan ang nagtuturo sa inyo na, ang mga dinatnan ng Salita ng Dios, at ang Salita ng Dios ay dumating sa mga propeta."

35 Ngayon sa Mga Hebreo, sa unang kabanata, ay sinasabi na sa mga. . .sabi, "Ang Dios, nang unang panahon," at iyan ay unang mga panahon, "sa iba't ibang paraan ay nagsalita sa ating mga magulang, sa pamamagitan ng mga propeta; sa huling panahong ito sa pamamagitan ng Kanyang Anak, si Jesus Cristo." Kita n'yo?

36 Ngayon, pansinin ngayon, ang Dios! Sinabi ni Jesus na, “Yaong mga dinatnan ng Salita, ay tinawag na ‘mga dios,’” iyan ay mga propeta. Ngayon, hindi sa ’yung tao mismo ay Dios, tulad din naman ng hindi pagiging Dios ng katawan ni Jesus Cristo. Siya ay isang tao, at ang Dios ay natatabingan sa likod Niya.

37 Ang Dios ay dati nang laging tinatalukbungan ang Kanyang sarili mula sa karamihan, at nagpapahayag ng Kanyang Sarili sa mga tao na sasampalataya dito. Ang Dios! Nitong huling Linggo, sa tabernakulo, ako’y nangaral tungkol sa *Ang Nahayag Na Dios*. Ang Dios ay dati nang laging itinatago ang Kanyang sarili sa likod ng isang bagay, upang ang mga tao sa sanlibutan ay walang malaman tungkol sa Kanya. Ngunit Siya ay nagpapahayag ng Kanyang Sarili sa Kanyang mga anak at sa mga nagnanasa na pumasok sa likod ng tabing na iyan.

38 Sa Lumang Tipan mayroong mga balat ng poka na ikinukubli ang Dios. Siya ay nasa Kaluwalhatiang Shekinah. Ito’y nasa likod ng mga balat ng poka. Bago sila naging nasa likod ng mga balat ng poka, sila . . .

39 Ang Salita ay na kay Moises, ang propeta. Siya ay umakyat sa bundok. Kanyang nasalubong ang Haliging Apoy, at Ito ay nangusap sa kanya. Siya ay bumaba at gumawa ng mga tanda ng propeta, inilabas ang mga anak ng Israel sa Ehipto, patungo sa bundok na ito. At pagkatapos ang Dios ay bumaba at ipinakilala si Moises, sa pamamagitan ng pagpapasok sa kanya sa Haliging Apoy na iyan, at tinatalukbungan Siya. Walang sinuman ang maaaring pumaroon. Walang sinumang tao ang maaaring sumubok na gayahin iyan, hindi magawa iyon, sila’y namamatay. Kumuha ng isang tao, siya ay pumasok sa likod nito, patungo sa Haliging Apoy, patungo sa Kaluwalhatian ng Dios, at patungo sa Kaluwalhatiang Shekinah; at nang siya ay lumabas kasama ang Salitang iyan para sa panahong iyon, siya ay lubhang nagliliwanag dala ng Kaluwalhatian ng Dios hanggang sa kailanganin niyang talukbungan ang kanyang mukha. Ang mga tao ay hindi makatagal na tumingin sa kanya. At iyan ang natural na talukbong.

40 Ano ito? Kapag ang isang tao ay nakapasok sa lambong na iyan, patungo sa Kaluwalhatiang Shekinah ngayon, ang sanlibutan ay tatawagin siyang panatiko. Hindi nila makita kung ano ang mali. Ngunit sa likod doon, walang anumang kagandahan sa kanya. Maaaring hindi niya mabigkas nang tama ang kanyang mga salita. Siya—siya ay maaaring hindi nananamit nang sadyang tama. Maaaring hindi siya nakasuot ng mga damit-ministro. Ang babae naman ay maaaring hindi nakadamit ayon sa iniisip ng iba bilang nararapat. Ito’y maaaring ganun nga, ngunit, kita n’yo, sa loob, sa likod ng balat ng poka, sa likod ng balat ng tao na ’yan, sa loob nito ay ang Kaluwalhatiang Shekinah, sa loob nito ay ang kapangyarihan, sa loob nito ay ang Salita, sa loob nito ay ang tinapay na handog. At

ang Kaluwalhatiang Shekinah, na siyang Liwanag, iyan ang gumagawa ng Liwanag na nagpapahinog sa butil.

41 Kayong mga taga-Kansas alam n'yo iyan, sa pamamagitan ng inyong mga tanim na trigo. Kung wala ang araw na iyan, ito'y hindi masisinagan.

42 At hanggang sa ikaw ay pumasok sa likod ng balat ng poka na iyan, hanggang sa ikaw ay lumabas sa iyong lumang balat, sa iyong dating mga kaisipan, sa iyong dating mga kredo, at pumasok sa Presensiya ng Dios; pagkatapos ang Salita ay nagiging isang buhay na katotohanan sa iyo, pagkatapos ikaw ay nagigising na sa Kaluwalhatiang Shekinah, pagkatapos ang Biblia ay nagiging isang bagong Aklat, pagkatapos si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man. Ikaw ay nabubuhay sa Kanyang Presensiya, kumakain ng tinapay na handog na ibinigay lamang sa araw na iyan para sa mga mananampalataya, mga saserdote lamang. "At tayo ay mga saserdote, makaharing pagkasaserdote, bansang banal, bayang pag-aaring sarili ng Dios, nagbibigay ng mga espiritwal na hain sa Dios." Ngunit kailangan mong pumasok, patungo sa likod ng tabing, upang makita ang nahayag na Dios. At ang Dios ay nahayag, iyan ay ang Kanyang Salita na nagkaroon ng katuparan.

43 Sa kasalukuyan ngayon marami sa ating mga tao ang nagsasabi, "Buweno, kami, bilang *ganito't ganyan*, naniniwala kami na Ito ay *ganyan*." 'Yung isa namang grupo ay nagsasabi, "Kami, bilang *ganito't ganyan*, naniniwala kami na Ito naman ay *ganyan*." Kita n'yo, napakaraming mga interpretasyon ang nakukuha ninyo!

44 Ang Dios ay hindi nangangailangan ng tagapagpaliwanag. Kanyang ipinaliliwanag ang Kanyang Sariling Salita. Ang Biblia ay nagsasabi, "Ito'y walang pansariling pagpapaliwanag." Ang Dios ang nagpapahayag, Mismo. Ginagawa nga Niya! Sa pasimula, sabi Niya, "Magkaroon ng liwanag," at nagkaroon ng liwanag. Iyan ay hindi nangangailangan ng anumang pagpapaliwanag. Ang Dios ay nagsabi, "Isang birhen ang maglilihi," naglihi nga ito. Hindi na niyan kailangan ng pagpapaliwanag. Sabi ng Dios, "Sa huling mga araw," Kanyang "ibubuhos" ang Kanyang "Espiritu sa lahat ng laman," at Kanya ngang ginawa. Iyan ay hindi na kailangan ng anumang pagpapaliwanag.

45 Ito'y ang Salita pa rin! Ang Salita ay Dios. Ang Dios, sa bawat panahon, ay naglaan ng napakasaganang Salita Niya. At mula doon, masdan kung ano ang Kanyang ginawa, Kanyang isinugo ang isang—isang propeta. "At ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa propeta." Ang propeta ang nagpapahayag Nito sa mga tao, at ang mga tao ay sumasampalataya Dito.

At, pagkatapos, iyan ay ang Dios na gumagawa, ang Dios na kumikilos sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu.

46 Ngayon ating nasumpungan na Kanyang ipinakilala ang Kanyang Sarili bilang Anak ng tao dito, ngayon, upang tuparin iyon. Ngayon, nang Siya'y dumating sa lupa, alalahanin, Kanyang ipinakilala ang Kanyang Sarili sa mga tao, sa labas, Kanyang ipinakilala ang Kanyang Sarili bilang Anak ng tao. Siya ay pumarito sa tatlong pangalan ng pagka-anak; Siya ay pumarito bilang Anak ng tao, Anak ng Dios, Anak ni David. Ngayon, ang *Anak ng tao* ay isang "propeta." Maging si Jehovah Mismo ay tinawag si Ezekiel, sinabing, "Anak ng tao." Si Jehovah, nangungusap sa isang tao, propeta, tinawag siyang, "Anak ng tao." At si Jesus ay ipinakilala ang Kanyang Sarili bilang Anak ng tao, dahil ang Mga Kasulatan ay hindi maaaring sirain.

Sa Deuteronomio 18:15, sinabi ni Moises, pagkatapos . . .

47 Ang mga anak ng Israel ay nagsabi, "Huwag nang hayaang ang Dios ay magsalita pa. Nais naming si Moises ang mangusap sa amin."

48 Sabi Niya, "Hindi na Ako magsasalita pa sa kanila nang paganoon, kundi Ako'y magsusugo sa kanila ng isang Propeta."

49 Sa Deuteronomio 18:15, sabi niya, "Ang Panginoon ninyong Dios ay palilitawin ang isang Propeta na katulad sa Akin." At kaya nga dahil ang Kasulatang iyan ay hindi maaaring sirain, kailangan Niyang dumating bilang Anak ng tao. Ngayon iyan ay para sa Kanyang kapanahunan, nang Siya ay narito sa lupa.

50 Pagkatapos nang Siya ay namatay, bumangon, umakyat sa langit, at isinugo pabalik ang Banal na Espiritu, iyan ay ang Anak ng Dios. Ang Dios ay Espiritu, at sa buong Kapanahunan ng Iglesya ito'y nanatiling Anak ng Dios.

51 At pagkatapos sa Milenyum, ito'y Anak ni David, nakaupo sa luklukan, naghahari. Siya ay umakyat na paitaas. "Ang magtagumpay ay uupong kasama Ko sa Aking luklukan, gaya Ko naman na nagtagumpay, at umupo sa luklukan ng Aking Ama." Siya ay nakaupo ngayon sa luklukan ng Ama. Ngunit sa Milenyum, Siya ay nakaupo sa Kanyang Sariling luklukan, dahil Siya ang Anak ni David.

52 Siya ay Anak ng tao, Anak ng Dios, Anak ni David. Kita n'yo, ito'y sadyang sakdal.

53 Ngayon ating nasumpungan, kailangan Niyang dumating bilang isang propeta. Ang walang pagbabago ng Kanyang Salita! Hindi nagbabago ang Dios. Ang Dios ay hindi nagbabago, sapagkat Siya ang Propeta na na kay Jose. Siya ang Propeta, Siya ang Dios na na kay Jose. Siya ang Dios na na kay David.

54 Masdan si Jose, sadyang isinalarawan ang buhay ni Cristo nang halos tugmang-tugma, ngunit siya ay nagkamali, upang

ipakita na ito'y hindi Siya. Ang tao ay nagkakamali. Kita n'yo, sinabi niya kay Faraon, sabi niya . . . Sinabi niya sa kanyang ama, na isang propeta, si Jacob, sabi niya, "Sabihin po ninyo sa Faraon na—na tayo ay mga tagapag-alaga ng kawan ng hayop, sapagkat ang isang pastol ay kasuklam-suklam sa isang taga-Ehipto." Ngunit ang ama, ang Espiritu ay hindi siya hinayaan na gawin ito; sabi niya, "Ang iyong mga lingkod, na mga pastol." Kaya nakita ninyo si Jose na gumawa ng pagkakamali doon.

55 Si David, na dakilang lalaki, ay nakagawa ng pagkakamali. Isang tao na ayon sa Sariling puso ng Dios, gayunma'y kinuha si Bathsheba, iniisip na maaari niyang maitago iyon sa mismong Dios na kanyang pinaglilingkuran, nang buong buhay niya, ngunit ang Dios ay inilantad siya sa pamamagitan ni Nathan na propeta. Kita n'yo?

56 Ngunit gayunma'y masdan si David nang siya ay papalabas, pinalayas mula sa kanyang sariling bayan, isang itinakwil na hari. Ang kanyang sariling anak na babae ay dinahas ng sarili nitong kapatid na lalaki, at ang iba pang mga kapatid na lalaki ay pinatay naman iyon. At narito siya, si Absalom ay nagrebelde at hinati ang mga kawal, na naging sanhi ng pag-aaklas; at si David, na kanyang sariling ama, ay itiniwalag, inalis, itinakwil ng kanyang bayan. Palabas mula sa bayan, ang munting tila pilay na lalaking nakasunod doon, pinagtatawanan siya, at dinuduraan siya. Ang bantay na iyon ay bumunot ng tabak, ang sabi, "Hahayaan ko bang manatili ang ulo ng asong iyan, na dumura sa aking hari?"

Sabi ni David, "Hayaan mo siya. Ang Dios ang nagsabi sa kanya na gawin iyon."

57 Walang pag-aalinlangan, hindi alam ni David ang kanyang ginagawa; lumakad paakyat sa siya pa ring Bundok ng Olibo doon, at tumanaw sa ibaba, umiiyak, isang itinakwil na hari. Kung saan, ilang daang taon ang nagdaan pagkatapos niyon, si Jesus Cristo ay naroon sa bundok ding iyon, ang Anak ni David, umiiyak bilang isang itinakwil na hari, at dinuraan din Siya ng mga ito.

58 Kita n'yo, ang lahat ng ito ay inilarawan lamang si Cristo. Siya ay bahagi nito. Ang Dios ay hindi nagbabago. Ang Kanyang kalikasan ay hindi nagbabago. Ang Kanyang ugali ay hindi nagbabago. Siya ay nananatiling ang Salita, kita n'yo, at ang Malakias 3:6 ay nagpapatunay dito. Kanya lamang binababago ang Kanyang anyo para sa bawat kapanahunan. Bawat kapanahunan, Siya ay naglaan ng bahagi ng Salita na siyang naipropesiya na magaganap sa tiyak na panahon. Buweno, nang ang panahon na iyan ay dumarating, ang Dios ay sadyang gumagawa na sa ibang anyo. Kita n'yo, ito'y ang Dios sa lahat ng panahon, ang Salita, "ang Salita na nagkatawang-tao at nanahan sa gitna natin."

59 Ngayon sa Mga Hebreo 4, ating nasumpungan, Mga Hebreo 4:12. Si Jesus ay sakdal na nakilala sa pamamagitan ng Kanyang mga gawa at kung ano ang ginawa Niya, sapagkat sinasabi sa Mga Hebreo 4:12, na, "Ang Salita ng Dios ay higit na matalas sa isang tabak na may dalawang talim. Ito rin ay madaling kumilala ng mga pag-iisip at mga haka ng puso."

60 Ganyan nga kung paanong si Abraham, nang ang Taong ito ay makasalubong niya, na may alikabok sa Kanyang damit, at nasumpungan natin, nang makita ni Abraham ang Taong ito, Siya'y tinawag niya sa ibang pagturing.

61 Dalawa sa kanila ay nagtungo pababa sa Sodoma; isang napakagandang pagsasalarawan sa panahong ito na ating kinabubuhayan, at nakasumpong tayo ng isang modernong Billy Graham at sila sa Sodoma, na dinadala sila palabas.

62 Masdan ang hinirang na iglesya, bagamat, ang tunay na binhi ni Abraham. Si Lot ay isang pamangkin, ngunit si Abraham. . .Ang Taong ito ay hindi kailanman nagtungo pababa doon, 'yung Isa na nakipag-usap kay Abraham. At habang Siya ay nakikipag-usap kay Abraham, sabi Niya, "Abraham." Ngayon alalahanin, ang pangalan niya ay *Abram*, ilang araw bago 'yan, at ang sa kanyang asawa ay *Sarai*, hindi Sarah.

At sabi Niya, "Abraham, nasaan ang iyong asawang, si Sarah?"

Sabi, "Siya po ay naroon sa tolda, sa likuran Ninyo."

63 Sabi Niya, "Ako'y dadalaw sa inyo ayon sa panahon ng buhay."

At si Sarah, sa kanyang puso, siya ay medyo natawa tungkol dito.

64 "At ang Lalaki, na nakatalikod sa tolda," ang sabi ng Biblia, "sabi, 'Bakit tumawa si Sarah?' na nasa loob ng tolda sa Kanyang likuran."

65 At tinawag ni Abraham ang Taong iyan na "Elohim." Ang *Elohim* ay "ang Siyang kusang nabubuhay nang walang hanggan."

66 Ngayon ang Ingles na salitang *dios* ay nangangahulugan ng anumang bagay. Ang mga Ingles na salitang iyan, kailangan mong bantayan sila, dahil sila ay mayroong lahat ng uri ng baluktot na mga ideya. Ang isang dios, ang lamesang ito ay pwedeng maging dios, ang isang puno ay pwedeng maging dios, ang isang tao'y pwedeng maging dios, anumang bagay dios, ang kahulugan ng Ingles na salitang dios.

67 Ngunit ang ibig sabihin ng *Elohim* ay "mag-isang kusang nabubuhay nang walang hanggan." May isa lamang. . .Itong lamesa ay hindi kusang nabubuhay nang walang hanggan. Ang tao ay hindi kusang nabubuhay nang walang hanggan.

Ang punong-kahoy ay hindi kusang nabubuhay nang walang hanggan. Ngunit si Elohim ay kusang nabubuhay nang walang hanggan! Nag-iisang kusang nabubuhay nang walang hanggan, nahayag sa laman, nakatayo doon, kumakain, umiinom ng gatas mula sa baka, kumakain ng karne, ng guya, kumakain ng tinapay, at nakikipag-usap kay Abraham. At sinabi ni Abraham na ito'y si "Elohim."

68 At si Jesus, sa San Lucas 17, ay nagsabi, "Kung paano ang nangyari sa kaarawan ng Sodoma, ay gayundin ang mangyayari sa pagbabalik, kapag ang Anak ng tao ay nahayag." Hindi Anak ng Dios, ha; "Ang Anak ng tao na maihayag"! "Kapag Siya ay inihahayag na, ipinakikilala sa Kanyang Iglesya, ang Anak ng tao ay mahahayag bago ang ipinangakong Anak."

69 Si Abraham ay nakita ang Dios sa maraming magkakaibang anyo, sa isang Liwanag, at sa mga pangitain; ngunit heto ang Dios na nasa isang Tao, bago lumitaw ang hinihintay at ipinangakong anak.

70 Sinabi ni Jesus, "Bago muling dumating ang ipinangakong Anak, ihahayag ni Elohim ang Kanyang Sarili (ang Kanyang Salita) sa laman, ang Dios!"

"Mga ginoo, nais naming makita si Jesus!"

71 Ang Dios ay inihayag ang ganoon pa rin sa lahat ng panahon, ito'y dati nang laging ganoon, itinago Niya ang Kanyang Sarili sa likuran ng katawang laman. Ito'y ang Dios na nasa iyo. "Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan, ngunit makikita ninyo Ako. Ako'y makakasama ninyo." Siya pa nga ay nasasa-atin; Siya'y magiging ganun, hanggang sa katapusan, hanggang sa Siya ay mahayag sa anyong mula sa Langit.

72 Ang Salita ng Dios sa panahong ito, ano ang Kanyang ipinangako sa panahong ito? Kung titingin kayo sa Biblia at aalamin kung ano ang ipinangako sa panahong ito, at inyong makikita na Iyan ay nagaganap, walang anuman sa akin sino man ang magsabing Ito'y tama o mali, Ito'y tama dahil Ito'y ang Dios na ipinapaliwanag ang Kanyang Sariling Salita.

73 Hindi Niya kailangang may magsabi, "Buweno, ang panahon na iyan ay lumipas na. Walang ganung bagay na tulad ng Banal na pagpapagaling. At ang lahat ng iyan ay kapanatikuhan." Ito'y—ito'y mali! Kapag sinabi ng Dios na Kanyang gagawin ito sa tiyak na panahon, Kanyang gagawin ito. Ngunit ang problema sa ganito ay, tayo ay pumaparoon sa makalumang kalakaran ng isang bagay na nakalipas na, sa kung anong dakilang pag-aaral mula sa nakaraan, at nalalagpasan natin Ito.

74 Iyan ang dahilan kung bakit nalagpasan nila si Jesus nang Siya'y dumating. Nagsisikap pa rin silang mabuhay sa ilalim ng Kautusan, samantalang ang Biblia ay maliwanag na nagsabing. . .Dito mismo, babasahin ko Ito, sabi Niya, "Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan, sa Mga Iyon ay iniisip

ninyo na mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, at ang Mga Iyon ang nagpapatotoo sa Akin. Kung ang Mga Kasulatan ay hindi nagpapatotoo sa Akin, kung gayon ito'y mali." Tiyak na nakita sana nila na ang birhen ay maglilihi! Tunay na Siya ang sakdal na sagot sa Mga Kasulatan! Tayong mga Cristiano ay naniniwala diyan ngayon.

75 Ngunit anong kabuluhan kaya ang naidulot kay Moises ng pagdating niya na taglay ang nasa panahon pa ni Noe, ang mensahe ni Noe? Anong kabuluhan kaya ang naidulot para kay Juan Bautista ng pagdating niya na taglay ang mensahe ni Moises? Kita n'yo?

76 Wala na tayong mensahe ni Sankey. Wala na tayong mensahe ni Moody. Meron tayong Mensahe sa panahong ito! Wala na tayo sa mensahe ni Luther o mensahe ni Wesley. Ayos lang ang mga iyon, ngunit ito'y ibang araw na. Ito'y isa pang pangako. Ito'y isa pang kapanahunan ng iglesya. "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman!" Gaano kamangha-mangha ito, gaanong nabubulagan ang mga tao, sa kapanahunan, ngunit kailangang ito'y sa ganoong paraan. "Mala-hininga," sa panahong ito, sinabi ng Biblia, "at sila'y isusuka mula sa Kanyang bibig," sa Kapanahunang ito ng Iglesyang Laodicea. "Ngunit ang lahat ng Kanyang iniibig, Kanyang pinapalo at sinasaway." Sinabi Niyang magiging gayon nga dito sa Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea.

77 Alalahanin, binabago ng Dios ang Kanyang anyo. *En morphe*, ang salitang Griyego ay nangangahulugang nagsusuot Siya ng ibang maskara. Katulad sa *Carmen* o parang ganun, o—o mga palabas ni Shakespeare, Siya'y—Siya'y gaya ng isang aktor, nagbabago Siya ng Kanyang anyo. Ang lahat ng kung ano ang mga propeta, iyon ay ang Dios na nasa mga propetang iyon. Gano'n ang pagkasabi ni Jesus, "Tinatawag n'yo silang 'dios,' yaong mga dinatnan ng Salita ng Dios: at heto Ako nga, ang Anak ng Dios, paano n'yo Ako mahahatulan?" Oh, naku!

78 Sa gayon ding bagay ngayon, iyon ay ang Dios na nahayag sa laman, ang Mensahe sa kapanahunan, ang Liwanag ng panahon! Hindi na mapapasa-atin ang mga mensahe ng nakaraan, tapos na silang maipamuhay; tayo'y nabubuhay sa matinding liwanag ng isang ilaw.

79 Iyan ang pinakamalaking kapanagutan, ang pinakamalaking pagnanakaw, na kailanma'y nalaman ng mga bansa, ay ginawa sa Inglatera hindi pa katagalan ang nakalilipas, gawâ ng mga pekeng liwanag. Pitong milyong dolyar, na nakawán sa tren, hindi pa ito kailanman naganap noon, sa kasaysayan. Iyan ang isang malaking kapanagutan, isang palatandaan sa panahon ng mga masasamang tao sa mundo.

80 At ang pinakamalaking palatandaan ng masasamang tao sa ating panahon, sa mundo na ating kinabubuhayan, ay ang huwad na liwanag sa panahong ito na ating kinabubuhayan, na sinisikap tayong ibalik sa kung anong klase ng kredo at mga bagay-bagay. Samantalang, tayo'y mga buhay na sulat, o, sa ibang pananalita, tayo'y mga sulat na nabubuhay, na naisulat at ngayon ay ipinamumuhay ang Salita ng Dios, gaya ng Kanyang ipinangako sa kapanahunan; nahayag na Salita, mga nakasulat na titik, na ipinamumuhay. Gano'n nga ang mga apostoles.

81 Gano'n nga si Juan Bautista. "Siya ang tinig na sumisigaw sa ilang." Sinikap niyang sabihin sa kanila iyan. Siya rin ang Malakias 3, "Narito, isinusugo Ko ang Aking mensahero sa Aking harapan, ihanda ang daan sa harapan ng mga tao." Siya iyang buhay na Salita.

82 At ang tunay na naipanganak na muli na iglesya sa panahong ito ay ang buhay na Salita ng Dios. Ito'y ang Salita sa panahong ito, na nahayag. Saliksikin ninyo ang Kasulatan at tingnan kung ano dapat ang nasa panahong ito. Nandyan si Cristo na buháy muli, nagpapalit lamang ng Kanyang maskara magmula sa isa patungo sa isa pa.

83 Ngayon, Siya'y lubos na nakilala na Mesiyas. Dapat nalaman nila ito. Alam natin kung magiging ano dapat ang Mesiyas. Siya'y dapat na maging isang Propeta. Iyan ang sabi ng Biblia kung ano Siya. Iyan ang sabi Niya kung ano Siya. "Akong Anak ng tao, ano ba ang sinasabi ninyo kung sino Ako na Anak ng tao?" Laging ipinakikilala ang Kanyang Sarili na Propeta sa kapanahunan, ipinakikilala ang Kanyang Sarili bilang Propeta ng Dios. Gano'n nga Siya.

84 Ngunit higit pa Siya sa isang Propeta. Siya ang Dios na Propeta. Kung ano si David, kung ano si Moises, kung ano si Elias, kung ano ang lahat ng iyon, "sa Kanya nananahan ang buong kapuspusan ng pagka-Dios ayon sa laman." Siya ang Dios na Propeta. Siya ang Dios, si Jehovah, naging isang laman sa Kanyang Sariling Anak, nagtayo ng isang tabernakulo para sa Sarili upang sa pamamagitan niyon ay maihayag ang Kanyang Sarili. Ang lahat ng iba pa sa kanila ay nabigo, nagkaroon sila ng mga kapintasan; ngunit walang kapintasan sa Kanya. Maging ang Dios Mismo ay nagsabi, "Ito ang sinisinta Kong Anak na Aking kinalulugdan na panahanan." Iyan ay tama, walang kapintasan sa Kanya. "Pakinggan n'yo Siya!" Siya'y nahayag na Dios.

85 Sabi nila, "Ginagawa Mo ang Sarili Mo na Dios, o kapantay ng Dios." Siya nga. Siya ang Kanyang Sariling Anak. Amen. Siya'y nagka. . . Siya ang pagkahayag ng Dios. Ang Dios ay na kay Cristo, pinakipagkasundo ang mundo sa Kanyang Sarili.

86 At sa huling araw na ito, Siya'y nangungusap sa mga tao sa pamamagitan ng Kanyang Anak, si Cristo Jesus, ipinakikilala

ang Kanyang Sarili. Kung gano'n ano si Cristo? Ang Salita. Ang Salita ng ano, ang salita ni Moises? Oo, ngunit ngayon Siya ang Salita na nahayag sa panahong ito.

87 Pansinin kung paano naging ganun si Jesus. Ngayon, Siya'y magiging isang Propeta, tingnan natin kung meron Siyang tanda ng Mesiyas. Tayo'y dumako sa San Juan, kabanata uno, sa loob ng susunod na lima, sampung minuto, bago tayo magtapos. San Juan 1, nakita natin Siyang dumating sa mundo. Ipinanganak Siya ng isang birhen, sadyang kung ano nga ang sinabi ng Biblia. Siya'y ipinaglihi sa sinapupunan ng isang birhen.

88 Hindi sa ang birhen ay diosa ngayon, siya. Sasabihin mo, "Paano naman si Maria?" Siya'y hindi sakdal. Siya ang babae, babae lamang katulad ng ibang babae, hindi isang diosa; isang babae. May isang nagsabi, "Hindi ka ba nahihiya na sabihin 'yan?" Hindi, po!

89 Masdan rito. Saan siya nakagawa ng pagkakamali? Aba, heto nakagawa siya ng isa. Nang sila'y pumaroon sa kapistahang Pentecostal, at ang mga tao'y pumaroon nang tatlong araw na paglalakbay; at hindi nila Siya makita, ang Kanyang mga magulang, kaya bumalik sila para hanapin Siya. At nakita nila Siya na nasa Kasulatan, nakikipagdebate sa mga saserdote sa templo tungkol Dito. At masdan kung ano ang sinabi ni Maria, mismo doon sa harapan ng mga saserdoteng iyon, ng mga kritikong iyon. Sabi niya, "Ang Iyong ama at ako ay naghanap sa Iyo, na may pagluha."

90 Ngunit ang Salita ay laging itinutuwid ang pagkakamali. Siya ang Salita, isang dose-anyos na Batang Lalaki. Saan nanggaling ang karunungang ito?

91 Alalahanin, mismo diyan ikinaila niya ang kanyang patotoo. Sabi n'ya ang Dios ang Kanyang Ama; at heto sabi n'ya, "Ang Iyong ama at ako, si Jose, ay hinanap Ka, na may pagluha."

92 Sabi Niya, "Hindi ba ninyo nalalaman na dapat ay nasa gawain Ako ng Aking Ama?" Kita n'yo? Kita n'yo? Kung Siya'y nakasama ng Kanyang Ama, si Jose, si Jose ay naging Kanyang Ama, Siya'y gumagawa na sana ng mga pintuan ng kabinet at mga bagay-bagay. Kita n'yo? Ngunit Siya'y nasa gawain ng Kanyang Ama, itinutuwid ang Salita para sa panahong iyon. Siya ang Salita. Amen. Kita n'yo, si Maria ay nagkamali, ngunit wala Siyang nagawang mga pagkakamali. Siya ang Nag-iisang sakdal.

93 Pansinin, nang Siya'y ipinanganak, lumaki, binautismuhan ni Juan, bumaba ang Banal na Espiritu sa Kanya, patungo sa ilang, paglabas mula doon, ang Kanyang ministeryo ay nagsimula, pagpapagaling. Merong isang lalaki na ang pangalan ay Simon, at siya'y nagpunta kasama ang kanyang kapatid, na si Andres, sa isang pagtitipon.

94 Ngayon makinig nang maigi ngayon, tayo'y magtatapos—magtatapos, at tingnan kung ano Siya noon. At kung "Siya'y nangusap sa mga ama sa pamamagitan ng mga propeta, nitong huling mga araw ay sa pamamagitan ng Kanyang Anak," tingnan n'yo kung ano nga ang Dios ngayon, tingnan n'yo kung Siya'y makikilala sa ganoong paraan pa rin.

95 Paano Niya naipakilala ang Kanyang Sarili? Bumaba ba Siya at nagsabi, "Ngayon Ako'y nanggaling sa paaralan. Meron akong Bachelor of Art, Ph.D., LL., at iba pa. Ako'y handa na sa Aking ministeryo"? Hindi, po. Hindi Niya ginawa iyon. Siya'y naparoon sa ilang, katulad ni Juan, lumabas na may pahid ng Banal na Espiritu.

96 Masdan kung paano Niya ipinakilala ang Kanyang Sarili nang Siya ay magsimulang mangaral. Merong isang lalaki, si Andres, na nakikinig kay Juan, pumaroon kay Jesus upang alamin kung nasaan Siya, sinundan Siya hanggang sa pagtitipon; dinala ang kanyang kapatid, na si Simon. Pagkalakad ni Simon patungo sa Presensiya ni Jesus, sinabi ni Jesus, "Ang pangalan mo ay Simon, at ikaw ay Anak ni Jonas." Diyan nakilala Siya. Doon mismo ang pangalan ni Pedro ay napalitan mula Simon patungong Pedro, na ibig sabihin ay "munting bato," at naging tagapanguna ng iglesya, pagkatapos.

97 Pagkatapos nakita natin ang isang tao na nakatayo doon, na nagngangalang Felipe, sabi niya, "Teka sandali lamang, wala kaming propeta sa loob ng apat na raang taon. Ang susunod na propeta, alam namin kung magiging ano siya."

98 Kaya siya ay pumaroon palibot sa mga bundok, mga labing-limang milya, kung naroon man kayo para tandaan ang lugar, kung saan nakita niya ang isa niyang kaibigan na kasama niyang nag-aaral ng Biblia. Siya ay isang napakatapat na tao, mahusay na lalaking may pinag-aralan. Ang pangalan niya ay Nathanael. Kaya walang pag-aalinlangan, sa paglakad sa may pintuan at nalamang wala siya mismo sa kanyang tahanan, maaaring ang kanyang asawa ang nagsabi, "Siya ay nasa labas sa kanyang pataniman ng olibo, nandoon sa labas nananalangin."

99 Kaya si Felipe, na naging masyadong interesado sa kanyang nakita na ginawa, ang sakdal na pagkakakilanlan ng Deuteronomio 18:15, isang Propeta ang lumitaw! Kaya siya ay pumaroon, pinuntahan si Nathanael, at sinabi, "Nathanael, halika, tingnan mo kung sino ang aming natagpuan." Wala nang panahon para pag-usapan ang panahon at mga bagay. Ang mensahe ay napakaimportante. Ang kanyang puso ay nag-aalab. Iyan ay sobra-sobra na sa atin ngayon, mas maraming ibang bagay ang kailangan nating gawin kaysa *Rito*. At ang unang bagay alam n'yo, sabi niya, "Halika, tingnan mo kung Sino ang aming natagpuan, si Jesus ng Nazareth, na anak ni Jose."

100 Pakinggan natin ang kanilang kuwentuhan habang sila ay naglalakad sa dalampasigan. Parang naririnig ko si Felipe na sinasabi kay Nathanael, “Alam mo ba ’yung matandang mangingisda banda roon, alam mo?”

101 “Naku, ang—ang—ang matandang namatay dito kamakailan lang, si Jonas?”

“Hindi, hindi. Ang kanyang anak, si Simon.”

102 “Oo, oo. Naku, naaalala ko nung bumibili pa ako ng isda sa kanya. Buweno, ano naman ang tungkol sa kanya? Buweno, wala siyang sapat na pinag-aralan para ilagda ang kanyang sariling pangalan. Hindi niya mapirmahan ang aking resibo.” (Sabi ng Biblia siya’y ignorante at walang pinag-aralan, ngunit napansin nilang siya ay nakasama ni Jesus; kaya nalaman nating hindi man lang siya makapirma ng resibo.)

103 Sabi niya, “Oo,” sabi, “alam mo ba? Nang siya ay pumaroon mismo sa presensiya ng Taong ito, hindi siya kilala ng Taong ’yon, sinabi sa kanya ang kanyang pangalan ay ‘Simon, na anak ni Jonas.’” Sabi, “Hindi ba iyan ang Mesiyas? Hindi ba iyan isang propeta? Hindi ba iyan ang Deuteronomio 18, ang Mga Kasulatan na natupad? Sundan ang Kanyang buhay; anong panahon na tayo nabubuhay? Tayo’y nabubuhay, nagbabantay sa paparating na Mesiyas na iyon. Lahat tayong mga Hebreo ay gano’n. Hindi ba ganun ’yon?”

104 “Ah, ngayon teka muna,” sabi ni Nathanael, “kailangang malaman ko.”

“Buweno, hindi ako masosorpresa kung hindi ka Niya makikilala.”

105 “Huh-uh-uh, tingnan ko nga iyon. Hayaan mong pumunta ako sa isa sa mga pagtitipon at makitang gawin iyon.”

106 Buweno, siya’y pumaroon sa pagtitipon kung saan si Jesus ay nakatayo. Sabi Niya, “Narito ang isang Israelita, na walang kapintasan!”

Sabi niya, “Guro, kailan Mo ako nakilala?”

107 Sabi, “Bago ka tinawag ni Felipe, nang ikaw ay nasa ilalim ng puno, ikaw ay nakita Ko.” Iyan na ’yon. Iyan na ’yon.

108 Ano iyon? “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Kita n’yo, ipinakilala Niya ang Kanyang Sarili, ang Salita.

109 Ano ang sinabi nitong mambabasa? “Guro, Ikaw ang Anak ng Dios. Ikaw ang Hari ng Israel.”

110 Ngunit may ilang mga nakatayo sa tabi doon, na hindi sinasampalatayanan iyon. Sabi nila, “Ang Taong ito ay si Beelzebub.”

111 Sabi ni Jesus, “Patatawarin Ko kayo sa bagay na iyon, tawagin ang Espiritu ng Dios na ‘isang bagay na marumi,’”

sapagkat ang pagtutubos ay hindi pa nagaganap. "Ngunit kapag ang Banal na Espiritu, Siya ang Banal na Espiritu..." Ang *Siya* ay personal na panghalip; kapag, hindi isang kaisipan; isang Persona! "Kapag Siya ang Banal na Espiritu ay dumating upang gawin ang gayon ding bagay, isang salita laban Dito ay hindi patatawarin kailanman." Alalahanin, Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, ang nakilalang Salita na nagkatawang-tao. Pagkatapos matatagpuan natin Siya roon, ngayon, 'yun ay mga Judio.

112 Meron lamang tatlong lahi ng tao. Maaari tayong magkaroon ng mga pagbubukod-bukod at—at mga pagsasama-sama, at anumang naisin ninyo, ako...hindi 'yan ang aking layunin. Ako ay lingkod ni Cristo, na pinaglilingkuran ang lahat ng tao. Ngunit, makinig, hayaang sabihin ko sa inyo. Tingnan dito. Merong isang Judio, Hentil, at Samaritano.

113 At masdan ang Ebanghelyo, nangungusap tungkol kay Pedro na may mga susi. Kanyang binuksan iyon sa Araw ng Pentecostes, sa mga Judio. Si Felipe ay naparoon at binautismuhan ang mga Samaritano, at nagpalayas ng mga demonyo, ang Banal na Espiritu ay hindi pa dumarating sa kanila; si Pedro ay naparoon at ipinatong ang kanyang mga kamay sa kanila, tinanggap nila ang Banal na Espiritu. At sa tahanan ni Cornelio, ang mga Hentil ay tinanggap Iyon.

114 Ngayon, ang mga Hentil, tayong mga Hentil, tayong mga Anglo-Saxon, ni hindi nga tayo naghahanap ng Mesiyas; tayo ay mga pagano, na may mga pamalo sa ating likuran, tayo ay mananamba ng mga rebulto. Ngunit ang parehong Judio at Samaritano ay naghahanap ng isang Mesiyas.

115 At Siya ay dumarating lamang sa mga naghahanap sa Kanya. Ilagay n'yo 'yan sa inyong isipan sa buong panahon ng pagtitipong ito, kakatagpuin Niya lamang silang naghahanap sa Kanya!

116 Sa wakas, pagkatapos Siya ay kailangan...patungo sa Jericho isang araw, at kailangang dumaan sa Samaria, iyan ay paikot sa itaas ng mga kabundukan. Siya'y naparoon sa isang lugar...Ngayon, nakita natin Siyang ipinakilala ang Kanyang Sarili bilang siyang Mesiyas, ipinapakita ang tanda ng Kanyang pagiging Mesiyas, at kanilang pinusong ito, kaya kailangan Niyang tumungo padaan sa Samaria. Sila'y naghahanap ng Mesiyas, din. Kaya Siya'y dumating sa isang siyudad na tinatawag na Sicar, mga alas-dose.

117 Ang balon, nandyan pa rin, umuupo lang sila sa tabi nito, sa labas lamang ng pintuan ng siyudad. Na kung saan ang pampublikong igiban, silang lahat ay pumaparito upang umigib ng kanilang tubig; ito'y hindi poso, ibinababa lang nila ito sa pamamagitan ng kalô at sinasalok ang tubig. At meron silang mga malalaking banga, ginagawa pa rin 'yon ngayon.

At pag-usapan ang pagbalanse, ilan sa inyong mga babae na naglalakad na may mga aklat sa ulo? Sana makita n'yo kung paano maglagay ang mga babaeng iyon ng limang galon sa banga sa ibabaw ng kanilang ulo, at bawat isa sa kanilang balakang; at naglalakad lamang, nag-uusap, at binabalanse iyon nang sadyang napakahusay.

118 At bumaba roon, mga alas-onse ng umaga, nang sila'y nakarating doon mga bandang tanghali, at Kanyang pinapunta ang mga alagad sa siyudad upang bumili ng pagkain.

119 At merong isang babae sa siyudad, na kilalang makasalanan, siya'y hindi pwedeng makisalamuha sa iba pang mga kababaihan, kaya siya ay naparoon sa balon upang umigib ng kanyang bahagi ng tubig. At nang kanyang ibababa na ang kanyang pangsalok, siya'y tumingin, nakaupo sa may pader, sa isang Lalaki na nangusap sa kanya, sabi, "Babae, dalhan mo Ako ng inumin."

120 Ngayon, meron silang lubusang paghihiwalay, ang mga Judio at—at mga Samaritano. At kanyang ipinabatid, agad sa Kanya, na—na hindi nararapat sa isang Lalaki na Kanyang tipo na humiling sa isang babaeng tulad niya, Samaritana, ng anumang pabor, sapagkat ang mga Judio at mga Samaritano ay walang pakialam sa isa't isa, wala silang anumang bagay na magkapareho. Sabi Niya, "Ngunit kung alam mo kung Sino ang iyong kausap, hihingi ka sa Akin ng inumin, at bibigyan Kita ng tubig na hindi mo na kailangang umigib pa rito."

121 Ano ang Kanyang ginagawa? Kinakaugnay ang espiritu ng babae. Siya ay propeta. At ang kanilang pag-uusap ay kung dapat ba silang sumamba sa Jerusalem o sa bundok. Ang sabi Niya, "Ang Ama ay naghahanap ng mga mananamba sa Espiritu at Katotohanan."

122 At Siya'y nagpatuloy hanggang sa makita Niya kung ano ang problema ng babae. Siya'y nagpatuloy lang hanggang sa makita Niya ang kanyang problema. Alam nating lahat kung ano iyon, silang nagbabasa ng Biblia, San Juan 4. Ano ang ating nasumpungan? Siya'y nagkaroon ng napakaraming asawa. Sabi Niya, "Pumaroon ka't kunin mo ang iyong asawa at pumarito."

Sabi niya, "Wala akong anumang asawa."

Sabi Niya, "Nagsabi ka ng katotohanan, sapagkat nagkaroon ka ng lima."

123 Masdan ang pagkakaiba sa munting babaeng iyan at sa mga saserdoteng iyon sa panahon na 'yun. Sabi niya, "Ginoo, nahahalata ko na Ikaw ay isang propeta. Ngayon hindi pa kami nagkakaroon ni isa sa loob ng apat na raang taon. Nahahalata ko na Ikaw ay isang propeta. Alam naming kapag ang Mesiyas ay dumating, ito ang bagay na gagawin Niya." Iyan ba ay tama? "Ipakikita Niya ang mga bagay na ito. Kanyang sasabihin sa amin ang ganito."

Sabi Niya, "Ako nga Siya, na nagsasalita sa iyo."

124 Isang ordinaryong Taong nakaupo doon, tatlumpung taong gulang lamang; maaaring mukhang limampu, dahil kasasabi lang nila, sa San Juan 6, "Ika'y isang Taong hindi lalagpas ng limampung taon, at sasabihing nakita Mo si Abraham, ngayon alam naming meron Kang diyablo."

Ngunit sinabi Niya, "Bago pa man si Abraham, ay AKO NGA."

125 At, oo, hayan Siya, isang lalaking may kabataan pa lamang, maaaring namumuti ng kaunti sa kanyang balbas, sa Kanyang gawa; ang Kanyang katawang tao ay mahina, "walang kagandahan na maiibigan natin sa Kanya," isang lumang balat ng poka muli; ngunit ang nasa loob nito ay Shekinah, ang nasa loob nito ay Dios. Dios! Ano ba iyon? Diyan Siya nakilala, ang Salita ng Dios, nalalaman ang lihim ng kanilang puso. Kita n'yo, iyan ang Salita ng Dios. Siya ang Salita ng Dios.

126 At ang Salita ng Dios ay ginagawa pa rin iyon, sapagkat Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Nakuha n'yo ba, nakuha n'yo na ba iyon sa inyong isipan ngayon? Pansinin, "ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

127 Siya'y tumakbo sa siyudad, at nagsabi, "Halikayo, tingnan n'yo ang Taong nagsabi sa akin kung ano ang aking nagawa. Hindi ba ito ang mismong Mesiyas?"

128 Kung iyon ang tanda ng Mesiyas, sa Judio at sa . . . at sa—sa Samaritano; at hindi Siya nagtatangi ng tao, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman; at iyon ang katapusan, nang ang Dios ay tumigil sa pagtawag sa mga Judio at mga Samaritano. At ito ang katapusan ng kapanahunan ng mga Hentil, nang Siya ay dumating sa mga repormista at iba pa, patungo sa wakas, at nangako, "Katulad sa mga kaarawan ni Abraham, ay gayon din naman kapag ang Anak ng tao ay inihahayag na sa mga Hentil sa huling panahon." Siya'y babalik muli.

129 Masyadong marami ang maaaring masabi dito, ngunit hayaang magmadali ako ngayon dahil ito'y—alas-nuwebe na, kaunti na lamang pagkatapos. Tayo ay makalalabas ng alas nuwebe y medya, kung loloobin ng Panginoon.

130 Pansinin, sabi ng propeta, banda sa Zacarias 14:6, "Darating ang isang araw na hindi tatawaging araw o gabi, ngunit ito'y isang araw na makulimlim; ngunit sa gabi, ay magkakaroon ng Liwanag." Ngayon masdan, nang mabilis. Walang Kasulatan na mababali. Kailangang lahat ay magkaroon ng kaganapan.

131 Ngayon paano sumisikat ang araw? Saan ito banda sumisikat? Sa Silangan. Saan ito banda lumulubog? Sa Kanluran. Ang sibilisasyon ay naglakbay kasama ng araw, at gano'n din ang Ebanghelyo. Nakuha n'yo? Ngayon tayo'y pabalik

sa Baybaying Kanluran muli ngayon. Kung tayo'y magpapatuloy pa, tayo'y babalik sa Silangan muli, tatawid paikot sa Pasipiko patungong Silangan muli; wala na diyan, kita n'yo. Ngayon ang sibilisasyon ay naglakbay kasama ng araw.

132 Ang Ebanghelyo ay tumawid na sa karagatan. Nanggaling ito mula—mula sa Mediteraneo, at ito'y tumawid patungo, mula kay San Pablo patungong Alemanya; mula sa Alemanya, ito'y tumawid sa English channel, patungong Inglatera; mula sa Inglatera, ito'y tumawid sa Atlantiko, patungong Amerika, at ngayon ito'y pabalik muli sa Pasipiko.

133 Masdan, ang siya ring araw na sumisikat sa Silangan ay ang siya ring araw na lumulubog sa Kanluran, a-r-a-w. At ang siya ring Espiritu Santo na bumaba sa araw ng Pentecostes, sa Silangan . . . Ngayon ito'y naging isang araw na hindi matatawag na isang maaraw, ito'y makulimlim, isang makulimlim na araw, maulan; makikita ninyo ito dito sa Kansas, maulan, makulimlim. Nagkaroon tayo ng sapat na liwanag upang—upang sumapi ng iglesya, at upang gawin ang mga bagay na ito, sapat na liwanag upang makapasok sa palibot nito, ngunit sinabi Niya, "Sa gabi, ay magkakaroon ng Liwanag, ang Anak ay magbabalik muli." At ang Espiritu Santo na nagbabalik sa huling mga araw na ito na muling taglay ang buong kapuspusan ng kapangyarihan ng Dios, ang Salita na nahahayag! Sa pamamagitan ng Lutheran . . .

134 At tulad lamang ng isang—tulad ng isang piramide na lumalaki. Ang Lutheran, unang repormasyon; Wesley; Pentecostes; at ngayon eksaktong nakalapat na mismo. Dahil, kapag ang Batong-panulukan ay bumalik sa piramide, ito ay kinakailangang nakasukat katulad ng iba pa nito. Ni hindi mo man lang nga mapapadaan ang talim ng labaha sa pagitan nito, ito'y sadyang perpekto. At gayon din ang ministeryo sa huling mga araw, ito'y magiging napakalapit.

135 Tulad ng iyong—iyong kamay na siyang positibo, at ang—ang anino ng iyong kamay na siyang negatibo; habang sila ay nagiging, pagkatapos ng ilang sandali, sila'y nagiging isa. Sila'y nagiging gayon. At sa ganyang paraan nagiging gayon ang Iglesya, ang Nobya ay nagiging gayon kay Cristo, sila'y nagiging isa, tulad ng sinumang lalaki at asawang babae. Kita n'yo? Ang Nobya ay darating mismo sa huling mga araw, at tayo ay nagsisikap na mabuhay sa isang matinding liwanag ng ibang araw? Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, naipakilala Siya nang lubos ng Hebreo 13:8, "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

136 Kung tayo'y nabuhay pabalik sa panahon ni Luther, tayo ay titingin pabalik dito sa—sa panahong iyan, ating eksaktong makikita, sa panahon ng Sardis na iyan, na si Luther ang mensahero na iyan, eksakto lamang, kasama ng

kabayong lumabas, kasama ng lahat ng iba pang pumasok sa panahong iyan.

137 Ating nasumpungan ang panahong Wesleyan, ang panahon ng Filadelfia. Ating nakita ang dakilang panahon ng rebaybal na dumating, pag-iibigang magkakapatid, ating nakita si Wesley na eksaktong nasa lugar kung saan sinabi ng Biblia na naroon nga siya.

138 Ating nakita ngayon kung saan Niya sadyang sinabi na Siya'y naroon nga. Ito'y ang oras, ang panahon na ating kinabubuhayan.

139 Makinig, ang mga Griyegong yaon ay nabigong makita Siya. Bakit? "Mga ginoo, nais naming makita si Jesus." Nabigo silang makita Siya dahil Siya ay nararamtan ng Kanyang templong pangtao, Dios na nasa tao. Ang katawang laman ang siyang bumulag sa kanila. Hindi nila maunawaan. "Ikaw, bagaman isang tao, ay nagpapakunwari Kang Dios, o kapantay ng Dios."

140 Sabi Niya, "Buweno, kung matatawag ninyo sila ayon sa batas, at walang Mga Kasulatan na maaaring sirain, tinatawag n'yo silang 'mga dios,' sila nga, ang dinaratnan ng Salita ng Dios."

141 Kung gayon, Siya ang buong kapuspusan ng Salitang iyan, ang Salita na para sa panahong iyan, ang Anak ng Dios, ang Manunubos; nang ang Dios, Mismo, dumating Siya sa lupa at nanahan sa isang Tao, upang akuin Niya ang kamatayan, upang tubusin ang kabuuan, ang Punong iyon sa hardin ng Eden, hindi ang babae; ang Tao, ang ikalawang Adan na namatay at nabaon sa lupa, upang ilabas ang mga sustansya, amen, ang mga dahong iyon na nangalagas nung mga nakaraang panahon, upang dalhin sila sa pagkabuhay na muli. Gaano pa karami ang pwedeng sabihin tungkol dito, ay mangangailangan tayo ng maraming oras!

142 Ngunit tayo'y naririto sa punto ngayon. Ang mga Hentil sa panahong iyon ay nabigong makita Ito, dahil Ito'y nasa katawang laman. Iniisip ko kung ating gagawin ang ganun ding bagay. Iniisip ko kung atin ding gagawin ang nakalulungkot na pagkakamali na kanilang ginawa, nabigong makilala Siya? Dahil, Siya ay, Siya na Salita para sa panahong iyan, ay nakilala sa isang katawang laman. Isang Batang Lalaki na walang pinag-aralan, na hindi natin kailanman nalaman na Siya ay nag-aral. Wala tayong mga kredensyal na Siya ay lumabas mula sa anumang organisasyon ng panahong iyan; walang pinag-aralan. Walang reputasyon ng kung anuman, kundi, "Isang Taong baliw, isang manginginom ng alak, kaibigan ng mga makasalanan, isang Taong binali-baligtad ang mundo; ipinanganak na ilehitimo, ang kanyang ina ay nagdalang-tao sa pamamagitan ng isang kawal, at ginamit ang Kanyang pangalan

bilang Anak ng Dios, o tinatawag ang Kanyang Sarili na isang propeta, itong Taga-Galilea, na propeta kuno."

143 Ngunit ang Salita ay nahayag! "Ang lahat ng sa Kanya'y tumanggap, sila ay pinagkalooban Niya ng kapangyarihan na maging mga anak ng Dios." At kaya gayun din sa ngayon, kung kailan ating nakikita itong dakilang pagkilos ng Espiritu Santo na nahayag. "Ang lahat ng sa Kanya'y magsitanggap, sila ay pinagkalooban ng kapangyarihan na maging anak na lalaki at anak na babae ng Dios." Si Jesus Cristo na nakikilala na gayon pa rin, sa pamamagitan ng Kanyang Salita, sa bawat henerasyon.

Ating iyuko ang ating mga ulo.

144 Mga kaibigang Cristiano, nais ko kayong tanungin, tayo'y tumigil muna panandali at mag-isip. Ito ba ang Katotohanan o ito ba ay mali? Ito nga ba? Kung ito'y ang Katotohanan, utang natin dito ang lahat ng bagay. Saan tayo patungo? Saan ang wakas nito? Paano mo nasisiguro na ikaw ay tama? Ngayon, "sa pasimula, Siya ang Salita," at ang Salita ay nakakakilala ng pag-iisip na nasa puso. Ito'y nangyari sa pamamagitan ng mga propeta, ito ay naganap sa pamamagitan ni Cristo, at ipinangako Niya ito sa huling mga araw, sapagkat Siya ay siya ring kahapon, ngayon, magpakailanman.

145 Makalangit na Ama, kunin Mo po ang Iyong Salita, ilagay Mo po Ito sa puso ng tao, upang sila . . . ang lahat ng tao samasama, sa gabing ito, itong maliit na grupo ng mga tao dito. Aming napag-isip-isip, Panginoon, na kami ay—kami ay nabubuhay sa mga anino ng Kanyang Pagdating, at ang mga anino ay nagiging lalong positibo, sa bawat taon. Aming nakikita ang mga tanda na nagsisilitaw, mga nakakatakot na tanawin. Nakikita namin sa mga diyaryo at sa mga magasin. Ang buwan ay nagkukulaydugo. Nakaririnig kami ng mga lindol sa buong palibot ng mundo, nililigalig ang buong mundo.

146 At, ngayon, isang araw niliglig nito ang buong mundo, nang ang Anak ng Dios ay lubusang tinanggihan at ipinako. At ngayon aming nalaman na ang isang malaking grupo, na tinatawag na World Council of Churches, lubusan na nilang pinalabas Siya, tulad ng sinabi nilang sa (itong) Panahon ng Laodicea, "Siya ay nasa labas ng iglesya, kumakatok sa pintuan, nagsisikap na makapasok muli." At ngayon aming nakita na may isa pang lindol na tumama dito, hindi ang ibang mga bansa, itong bansa, inuga ang buong mundo; si Jesus ay lubusan nang pinalabas. At Siya ay nakatayong nagmamakaawa, ngayong gabi, lubos na nakilala, na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

147 Nawa'y makita ito ng mga mananampalataya. Nawa ang mga may karamdaman ay makita ito, Panginoon. Nawa ang mga naririto sa gabing ito'y magawang mahipo ang Kanyang damit, tulad ng ginawa nila noong mga nakaraang panahon. Pagalingin

ang mga may sakit, at iligtas ang mga napapahamak, hinihiling namin sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Pagpalain kayo ng Dios.

148 Ngayon isang sandali lamang para sa hanay ng panalangin. Tayo ay may eksaktong labinlimang minuto, para makalabas sa tamang oras. Ngayon ang tanging masasabi ko lamang, ako'y isang tao, ang mga salita ko ay maaaring mabigo katulad ng sinumang tao, lahat tayo. Aking napatunayan sa inyo sa gabing ito, na bawat propeta, lahat ng bagay man, sila ay nakagawa ng pagkakamali. Ngunit ang Dios ay hindi nakagagawa ng pagkakamali. Ang Kanyang Salita ay ang Katotohanan. Ilan ang naniniwala na Siya ang Salita? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Pagpalain kayo ng Dios. Iyan ay kung saan ang aking pananampalataya ay nakatayo, walang iba kundi sa Dugo ni Jesus; at, tama, si Jesus ang Salita.

149 Ngayon palagay ko si Billy ay nagsabi. . .Nagbigay ba siya ng mga kard ng panalangin? May—may mga kard ng panalangin ba na naipamigay? Hindi ko alam. Siya—siya ay nagsabi, una, na hindi niya naisip na sila'y pupunta at magbibigay. Pero kung sila ay nagbigay ng mga kard ng panalangin, tayo'y maglalagay ng isang munting hanay ng panalangin.

150 Kung sino man, may kard ng panalangin bilang isa ba rito? Tingnan natin kung sino ang may kard ng panalangin bilang isa. Oo, nasa iyo ba ang uno? Wala. Kard ng panalangin bilang isa, sino ang mayroon nito? Mayroon bang kard ng panalangin bilang isa? Buweno, maaaring hindi siya nakapagbigay mula sa bilang na isa. Ilan ang may. . .Huh? [May nagsasabi, "Nandito ang uno."—Pat.] Oh, mayroon ba? Oo nga. O sige, kard ng panalangin bilang isa, umakyat dito at tumayo dito sa akin, kard ng panalangin bilang isa.

151 Bilang dalawa, sino ang may bilang dalawa? Bilang tatlo. Sa ilang sandali lang ngayon, tayo. . .Bilang tatlo, sino ang may kard ng panalangin bilang tatlo? Masdan, may isang tao dito na nasa stretcher, bantayan ng isa ang kanilang kard, kung meron sila. Bilang tatlo. Bilang apat, apat, sino ang may kard ng panalangin bilang apat?

152 Ito'y isang maliit na kard. Ang aking anak na lalaki o isa sa grupo ay bababa at kukunin ang mga kard na ito, bago kayo, at pagsasamahin itong lahat, at pagkatapos ibibigay nila ito sa inyo. At pagkatapos, pag ako. . .Kaya ipinapakita niyan. . . May mga tao kami isang beses na sinubukang ipagbili ang mga kard ng panalangin, at iyan ang dahilan na ang mga iyan ay nakilala sa gayong paraan, na hindi mo magagawang, hindi mo puwedeng ipagbili ang mga ito; dahil hindi niya puwede, hindi mo alam kung sino ang aakyat doon. Pag dumarating ako dito, hindi ako nagsisimula sa anumang partikular na bilang. Nag-uumpisa lang ako mula sa kung saan. Sa buong linggong

ito, mapapansin n'yo, ako'y gayundin naman, paulit-ulit, at magbabalasa nang magbabalasa, sa pagkuha nitong mga kard ng panalangin, kita n'yo. At kaya sa gayong paraan ginagawa namin iyan, upang masabi na ang bawat isa sa bawat araw, ibinibigay ang mga kard, para ang mga tao sa bawat araw ay magkaroon ng pagkakataong makapasok.

153 Isa, dalawa, tatlo, apat, lima. Tatawagin ko silang isa-isa, dahil ayaw kong may isang may kapansanan sa pandinig at pagkatapos kanilang sasabihin, "Aba, walang nagsabi sa akin," kita n'yo, at di nila nakuha ang kanilang lugar sa hanay ng panalangin. At maaaring, dahil may kard ng panalangin, hindi na sila mabibigyan pang muli, kita n'yo.

154 Kard ng panalangin bilang lima, na kanino ito? Isa, dalawa, tatlo, apat, lima. Kard ng panalanging panlima? Iyan ay ayos lang. Kung sigurado kang nasa 'yo ang panlima, tumayo ka diyan. Ayos lang 'yan. Pang-anim? [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Labing-isa, kard ng panalanging panglabing-isa. Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito, walo, siyam, kard ng panalanging pangsampu, at labing-isa.

155 Masdan ngayon, maaaring may isang bingi. Tingnan ang kard ng inyong katabi. Sa buong paligid, sa palagay ko nagkahalu-halo na silang lahat dito. O sige. Ilan ang naririyan, Roy? Bilangin sila at tingnan. Labing-isa? Labing-dalawa, labing-tatlo, labing-apat, labing-lima. Isa, dalawa, tatlo, apat. . . Labing-lima. O sige. Tayo'y huminto mula diyan nang ilang sandali, dahil wala na tayong sapat na oras.

156 Ngayon ilan ang walang kard ng panalangin at sumasampalataya kayo na pagagalingin kayo ng Dios, itaas ang inyong kamay. Pagpalain kayo ng Dios. Tama 'yan, magkaroon ng gayong pananampalataya. Ngayon alalahanin, mga kaibigan, habang sila'y naghahanda para sa hanay ng panalangin, ngayon, huwag—huwag—huwag magpalipat-lipat ng puwesto ngayon, para sa susunod na sampu o labinlimang sandali, hanggang sa tayo ay handa na, dahil sa, kita n'yo, kayo ay isang espiritu.

157 Nais kong tanungin kayo ng isang bagay. Sinabi ko, at binasa mula sa Kasulatan, na Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. At pansamantala lamang, hindi pa nauumpisahang gawin ito, ipinakita sa inyo na Kanyang ilalagay muli itong siya ring bagay sa huling mga araw. Ilan ang naniniwala diyan? Ang Malakias 4 at ang lahat nito ay nararapat na muling bumalik agad, Siya muli ay bababa at ipakikilala ang Kanyang Sarili sa isang mapropesiyang Mensahe, upang ibaling ang mga puso ng mga anak pabalik sa Pananampalataya; mala-apostol, na Pananampalatayang pentecostal ng mga ama. Iyan ang eksaktong dapat na mangyari. Hindi kung anong kredo, kundi pabalik sa orihinal na Pananampalataya. Ngayon sumasampalataya tayo diyan nang buong puso natin.

158 Ngayon ilan sa inyo diyan ang walang kard ng panalangin. Ngayon, alalahanin, ako ay Kanyang lingkod at kayo ay Kanyang lingkod, ang Dios na sumasa-akin at Dios na sumasa-inyo. Kayo ay nasa pangangailangan, at narito ako upang paglingkuran kayo, pinagsasama iyan at ginagawa itong Dios.

159 Ngayon, ang munting babae, isang beses. Hayaang bigyan ko kayo ng isa pang Kasulatan, naniniwala akong ito'y nasa San Juan, din. May isang babae na, may, siya noon ay inaagasan. Sabihin nating siya ay walang kard ng panalangin, at nais niyang siya'y maipanalangin. Ngunit marami ang mga nakatayo roon, hindi siya makapunta sa hanay. Kaya sabi niya, "Kung mahihipo ko lamang ang Kanyang damit, ako'y gagaling na." Ilan ang nakakaalala sa kuwento? Aba, sigurado. At ano ang kanyang ginawa? Siya ay nakipagsiksikan sa maraming tao at hinipo ang Kanyang damit.

160 Ngayon, ang damit-Palestino ay nakaladlad, at ito ay may damit-panloob, din, dahil ang alikabok ay nasa paa, alam n'yo, kaya ito ay isang. . .nakaladlad. Ngayon maaaring mahawakan mo ang amerikana ng isang tao, at hindi niya mararamdaman ito, ang laylayan lang ng kanyang amerikana. Pero paano naman iyang malaki't, makapal, na mabigat na damit-Palestino, na ito'y nakaladlad hanggang sa kanyang paa, kita n'yo? Hindi Niya naramdaman iyon, sa pisikal.

161 Ngunit hinipo niya ang Kanyang damit at siya ay bumalik patungo sa karamihan. Sabihin nating siya'y naupo. Maaaring siya'y tumayo, ngunit sabihin nating siya'y naupo. Anong nangyari? Si Jesus ay tumigil at nagsabi, "Sinong humipo sa Akin?"

162 At, alam n'yo, si Apostol Pedro ay inakalang iyon ay katawa-tawa, hanggang sa ang mga tao. . .Aba, pinagsabihan niya Siya tungkol dito. Sa ibang salita, maaaring sinabi niya, "Aba, tingnan Mo, lahat ay humihipo sa Iyo. Aakalain nila ito, 'Mali ang iniisip Mo.' Kita n'yo? Aba, lahat ay nagsisikap na humipo sa Iyo, Guro.'"

163 Sabi Niya, "Ngunit nadama Ko na Ako ay nanghina. May kapangyarihan," iyan ay lakas, "na umalis sa Akin."

164 Ang nag-iisang munting babaeng iyan ngayon ay kumuha ng lakas mula sa Kanya. Siya ay tumingin sa paligid sa mga tao at Kanyang nasumpungan kung nasaan siya, at sinabi Niya ang kanyang problema at kung anong nangyari. Ang Biblia ay nagsabi, "Siya ngayon ay isang Dakilang Saserdote na maaaring mahabag sa ating mga kahinaan." Iyan ba'y tama? Ngayon kung kayo ay may gayunding pananampalataya sa siya pa ring Jesus na iyan, gagawin din nito ang parehong bagay para sa inyo.

165 Ngayon maging tunay na magalang. Manalangin. Huwag mag-alinlangan. Sumampalataya nang buong puso ninyo na si

Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, at Kanyang ipagkakaloob sa inyo ang mga pagpapalang ito.

166 Ngayon, Ama, hayaang ihayag sa amin ng Iyong dakilang Espiritu Santo ang Salita na nakiisa sa laman, sa kanilang laman at sa aking laman. At nawa ang Salita at pangako ng Ebanghelyo sa gabing ito, na naipangaral, ay maipaliwanag ng dakilang Espiritu Santo Mismo, sapagkat Kanyang ipinangako na Siya ay sasa-amin. At Siya ay ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, aming inihahabilin ang aming mga sarili sa Iyo, kasama ang Mensahe, nang sa gayon ay Iyong mapatotohanan ang Salita sa pamamagitan ng kalakip na mga tanda, katulad ng ginawa Mo ayon sa Marcos 16. Amen.

167 Ngayon maging tunay na mapitagan ang bawat isa. Pakiusap huwag magkikilós. Umupo nang tahimik, kita n'yo. Ngayon, alalahanin, minsan tayo'y dumarating sa isang di-pagkakasundo. Ilan dito ang mga naipanganak nang muli na Cristiano, tingnan natin ang inyong mga kamay. Buweno, iyan ay mabuti, kung gano'n alam ninyo kung anong sinasabi ko.

168 Ngayon, ito ba, ito ba ang binibini? Ito ang unang binibini sa hanay. O sige. Ngayon, ang binibining ito at ako, sa aking pagkakaalam, ay hindi magkakilala, isang napakagandang larawan ng San Juan, ika-4 na kapitulo. Nakatagpo ni Jesus ang isang babae sa balon ng Samaria, isang bagay na panoorin na tulad nito, unang pagkakataon na sila ay nagkatagpo sa buong buhay nila. At sa aking pagkakaalam, ito ang unang pagkakataon na tayo ay nagkatagpo. Tayo ay estranghero sa bawat isa. Kung tama 'yan, para makita lamang ng mga tao na ito ay totoo, iyo lamang itaas ang iyong kamay. Kaya masdan, kami ito, unang pagkakataon.

169 Ngayon, kung Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, ngayon ang pakikipag-usap sa babae, sa paraang kinausap Niya ang babae sa balon, ay ang paghanap ng isang bagay na kanyang nagawa, o isang bagay na mali sa kanya, o isang bagay na sa . . . isang bagay na wala akong alam, at ipahahayag ito sa kanya. Na, hindi ko kailanman siya nakita, ako lang ay . . . unang pagkakataon na napunta ako sa siyudad na ito. At ako'y nandito lamang, siya ay estranghero. Ngayon hindi ba iyan nagpapakita na si Jesus ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman? Hindi ba iyan nagpapakita na ang Salita ay may kakayahang kumilala sa mga niloloob ng puso? Kita n'yo? Kita n'yo? Siya'y gagawin nitong siya pa ring kahapon . . .

170 At naririto ang aking mga kamay, at ang aking Biblia, hindi ko pa kailanman nakita ang babae sa tanang buhay ko. Alam ng Dios iyan. Siya ay isa lamang babae na nakatayo diyan. Ako—ang alam ko tungkol sa kanya ay hindi hihigit sa alam ng pinakaestranghero dito, sa kanya. Totoo 'yan, at alam niya 'yan.

171 Hindi ko siya kilala; ngunit siya'y kilala Niya. At Siya ay ang Salita, at ang Salita ay naghahayag ng lihim na nasa puso, sinasabi ang mga bagay, ang mga pagkakamali, nagsasabi sa kanya ng isang bagay. Kung siya ay nakagawa ng anumang pagkakamali, hindi naipahayag sa ilalim ng Dugo, Kanyang sasabihin sa kanya ang tungkol dito. Kung siya ay isang nagkukunwang-mananampalataya, sasabihin Niya ito sa kanya. Kung siya ay isang mananampalataya, Kanyang sasabihin ito sa kanya. Kung may anumang bagay na problemang pisikal, sasabihin ito sa kanya. Kung siya ay may iba pang pakay, Kanyang sasabihin sa kanya ang tungkol dito. Kanyang magagawa ang lahat ng iyan, sapagkat Siya ay Dios. Alam Niya ang lahat ng bagay. Hindi ko alam; hindi ako kilala ng babae at hindi ko siya kilala. Ngayon kung ihahayag Niya iyon sa gayong paraan, alam n'yo na ito pa rin ay ang Salita, Mga Hebreo 4:12, "Ang Salita ng Dios ay naghahayag ng mga lihim na nasa puso, alam ang kundisyon."

172 Ngayon kung ang Dios ay—ay ihahayag ito sa atin sa gabing ito, kapatid, habang ako at ikaw ay nakatayo rito na magkasama, kung gayon iyong—iyong malalaman na hindi maaaring ako iyon. Ito'y dapat na Siya. Ngayon nais ko lamang makipag-usap sa iyo nang ilang sandali, dahil sa pagsasalita ng Salita nang paganito. Aba, ako ay nangangaral, alam mo, at pagkatapos pagbalik ko, ako'y nakikipag-usap lang sa iyo tulad ng ginawa Niya sa babae sa balon, nakikipag-usap sa kanya hanggang sa makita Niya kung ano ang problema sa kanya. Ngayon kung ang Dios ay ihahayag sa akin kung ano ang iyong problema, buweno, malalaman mo kung ito ay ang katotohanan o hindi.

173 At maaari bang lahat kayo ay sumampalataya? Sino sa inyo diyan ang nakakakilala sa babae? Itaas ang inyong kamay kung may mga tao . . . Oh, oo, maraming tao ang nakakakilala sa kanya. Tama. Mabuti.

174 Ngayon nawa ang Panginoong Jesus Cristo ay ipagkaloob ito, kita n'yo. Iyan ay magiging hindi lamang ang naipangaral na Salita, ito'y ang Salita na nagkatawang-tao, nangungusap, nagpapahayag. Ngayon ang Biblia ay hindi nagsasabi na ikaw ay tatayo dito, at kung ano ang problema sa iyo, at lahat ng tungkol dito, at kung ano ang dahilan ng pagpunta mo rito, o kung ano ang ginawa mo. Hindi nito sinasabi 'yan. Ngunit ang Salita ay bumababa, na nagpapakilala sa tagapagsalita, kita n'yo, na iyan ang Salita ng Dios; kung gano'n ang Mensahe ay totoo, kung gano'n ang Dios ay ipinakikilala na ang Mensahe ay ang Katotohanan. Ang bautismo ng Banal na Espiritu at ang buong Ebanghelyo ay nararapat na maging ang Katotohanan kung gayon, kung ito'y naipakilala nang tama.

175 Isang bagay, ika'y sadyang kinakabahan, tunay na kinakabahan. Ikaw ay nababalisa tungkol sa isang bagay. Tama

’yan. Ikaw ay nag-aalala. Dala-dala mo ito nang ilang panahon. At kung ano ito, ito’y isang kundisyon sa iyong braso. Ito’y nasa iyong kanang braso. Ikaw ay natatakot na ito’y kanser. Ginagambala ka nito nang lubos. Ang kanang bahaging iyan ay lubos na nakalabas. Ikaw ay nababalisa sa iyong tiyan, pinasasama ang pakiramdam mo. Kung tama ’yan, itaas mo ang iyong kamay. Huwag kang matakot, sumampalataya lamang at pagagalingin ka Niya. Sinasampalatayanan mo ba ito? [Ang kapatid na babae ay nagsasabi, “Amen.”—Pat.] Mabuti, humayo kang nagpapasalamat sa Dios para dito, at maging magaling. Pagpalain ka ng Panginoon. Nais ko lamang magpatong ng kamay sa iyo.

176 Sumasampalataya ba kayo na Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, “Amen.”—Pat.]

177 Ngayon narito ang isang larawan muli, isang puting lalaki, itim na babae. Si Jesus na isang Judio, siya na isang Samaritana; kita n’yo, ipinaalam Niya sa kanila na walang pagkakaiba sa lahi ng tao. Ang Dios ay namatay para sa ating lahat. Tama ’yan. Siya ay . . . “Ginawa ng Dios mula sa isang dugo, ang lahat ng mga bansa.” Ang bansa na ating kinalakhan, nagpabago sa ating kulay, ay walang kinalaman sa nasa loob natin. Oo, tama ’yan.

178 Ngayon ikaw ay Cristiano. Agad kong nadama ang mapang-anyayang pakiramdam, na ikaw ay isang Cristiano. Iyan ang iyong espiritu. Iyan ay tulad lamang sa sinabi Niyang, “Narito ang isang Israelita, na sa kanya’y walang pandaraya.”

179 Ngayon, nakikita kong ikaw ay naging labis na masasakitin. Isang pagsusuri ang nagpatunay na ikaw ay may kanser. Tama ’yan. At ang kanser na iyan, sumasampalataya ka ba na masasabi Niya sa akin kung saan ito naroroon? Ayon sa estadistika, ang kanser na ’yan ay nasa colon. Kung tama ’yan, itaas ang iyong kamay. Ngayon alam mo na May nakatayo rito na nakikilala ka. Naniniwala ka ba na magagawa Niyang pagalingin ka? Kung ang iyong pananampalataya ay magagawang hatakin Siya doon, hipuin ang Kanyang damit at ipahayag ang gayun ding bagay na ginawa Niya noon, kung gayon sampalatayanan Siya at ika’y gagaling mula riyan, at gagaling. Kung iyong sasampalatayanan ito, sumampalataya lamang, ganyan lamang kasimple, kapatid, sumampalataya lamang. Huwag mag-alinlangan.

180 Palagay ko tayo ay mga estranghero, din, sa isa’t isa? Hindi natin kilala ang isa’t isa. Kilala ng Dios ang bawat isa sa atin. Naniniwala ka ba na maihahayag ng Dios sa akin ang problema mo? Naniniwala ka ba na maaari Niyang ihayag sa akin ang problema ng sinuman na nandoon? Sinasampalatayanan mo ba ito?

181 Ilan sa inyo diyan ang sumasampalataya dito? [Nagsasabi ang kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

182 Anong palagay mo tungkol dito? Sumasampalataya ka ba nang buong puso mo? Kung gayon ang iyong mga bato sa apdo ay hindi ka na kailanman aabalahin pa. Ako—naramdaman kong dumating 'yon, ako daw "ay nagbabasa ng isip ng mga tao," gusto ko lang na makita n'yo na hindi ko ginagawa 'yon.

183 O sige, naniniwala kang ako'y lingkod Niya? [Ang kapatid na babae ay nagsasabi, "Naniniwala po ako."—Pat.] Nang buong puso mo? ["Nang buong puso ko."] Salamat. Ikaw ay isang Cristiano. ["Ako nga po."] Oo, ikaw nga, at hindi isang nakikiangkas lamang; isang tunay na Cristiano, at ikaw ay ipinanganak na muli. Mabuti. Sumasampalataya ka ba na—na ako, bilang iyong kapatid, ay walang alam tungkol sa iyo; ngunit ang ating Makalangit na Ama, Na nakakakilala sa ating pareho, ay maaaring ihayag sa akin kung ano ang iyong problema? ["Opo."]

184 Nakikita ko na nagkaroon ka ng marami nito. Ikaw ay nagkaroon ng operasyon, at ang operasyon ay para sa kanser. Inalisan ka ng isang dibdib, tama nga, at ikaw pa rin ay nababalisa dito. Sumasampalataya ka ba na ikaw ay gagaling mula ngayon? Dumaan ka mismo sa tabi rito, na sumasampalataya nang iyong buong puso. At pagpalain ka ng Dios, pagalingin ka nawa ng Panginoong Dios. Nawa . . .

185 Magkaroon ng pananampalataya. Huwag mag-alinlangan. Sumampalataya lamang nang buong puso mo na Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

186 Ngayon sumasampalataya ka ba, binibini? Tayo ay estranghero sa isa't isa. Hindi kita kilala. Hindi mo ako kilala. Tayo ay lubos na di magkakilala. Ngunit ang Makalangit na Ama ay ihahayag sa akin ang isang bagay na mali, isang bagay na iyong nagawa, isang bagay na hindi mo dapat ginawa, o dapat na ginawa at hindi ginawa, anuman ito, maging ano pa man ito, sasampalataya ka na Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Alam mo na Siya lang ang maaaring makagawa nito. Tama ba 'yan?

187 Ikaw ay nababalisa dahil sa isang—isang—isang bukol, at ang bukol na 'yan ay nasa ulo. Ikaw ay natatakot. Tama. Sumasampalataya ka na ito'y maaalis na ngayon, na pagagalingin ka ni Jesus Cristo? Ayon sa pananampalataya mo rito, ay magiging gayon ito sa iyo. Humayo kang sumasampalataya. Amen. Pagpalain ka ng Dios. Habang nasa daan, sumampalataya lang. Huwag, huwag, mag-alinlangan. Sumampalataya lamang nang iyong buong puso.

Magkaroon ng pananampalataya. Huwag mag-alinlangan. Sumampalataya lamang nang iyong buong puso.

188 Ang iyong sikmura ay matagal ka nang ginagambala. Problema sa sikmura. Nais na kumain? Sumampalataya. Ganyan nga.

189 Kumusta ka? Tayo ay estranghero sa isa't isa. Hindi kita kilala, hindi mo ako kilala. Ngunit may Isang naririto, hindi nakikita, ngunit natatalukbungan sa pagitan natin, na alam kung ano ang iyong problema. Nakikita kita na nagsisikap... Oo, ito'y arthritis. Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka Niya mula riyan? [Sinasabi ng binibini, "Opo."—Pat.] Humayo ka't, sampalatayanan ito, at ika'y hindi na malulumpo pa kung iyo lamang sasampalatayanan ito.

190 Marami kang mga bagay na gumugulo sa 'yo. Isang problemang pangkababaihan, sa loob ng mahabang panahon; pagkatapos, isa pang bagay, ang iyong—ang iyong pinakapangunahing bagay na ikaw ay interesadong gumaling, ay arthritis, din. Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka Niya? Humayo ka't, sampalatayanan ito. Iyan lahat lamang 'yan, sumampalataya lamang at huwag mag-alinlangan.

191 Ako'y isang estranghero sa iyo. Hindi pa kita nakita kailanman sa buong buhay ko. May isa pang babae na patuloy na lumilitaw. Kung ihahayag ng Dios sa akin ang isang bagay tungkol sa iyo...Oo, oo, ito'y isang tumor; nahaharap sa isang operasyon. Ang munting babae na naririyan sa upuan na 'yan ay nahaharap sa gayong bagay din, ay isang tumor. Sumasampalataya ka ba nang iyong buong puso? Talaga ba? Ang Dios ay pagagalingin kayong pareho kung sasampalatayanan ito. Ipatong mo ang iyong kamay sa kanya. Ganyan nga. Sa Pangalan ng Panginoong Jesus, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, gumaling nawa kayo, kapatid.

192 Kita n'yo, kayo, hindi ko kayang ipaliwanag 'yan, mga kaibigan, huwag n'yong hilingin sa aking ipaliwanag 'yan. Diin, kapangyarihan, isa...Ano ang isang tumor? Ito'y isang bukol. Ano ang isang bukol? Nagbuo-buong mga selula. Ano ka? Nagbuo-buong mga selula. Ano ang isang tumor? Sa Biblia, ito'y tinatawag na isang demonyo, tagapagpahirap; tingnan mo siyang sumisigaw ng saklolo, at iyan ay sumasagot pabalik. Kita n'yo, dalawang sadyang magkatulad, at iyan—iyan ang gumawa nito. O sige.

193 Halika, binibini. Tayo ay estranghero sa isa't isa. Ikaw ay matagal nang may nerbiyos, na nagdulot sa iyo ng problema sa sikmura, sakit sa tiyan, peptic ulcer, pangangasim sa iyong sikmura, at pagkasensitibo ng iyong mga ngipin, at iba pa. Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka ni Jesus Cristo ngayon? [Ang kapatid na babae ay nagsasabi, "Amen."—Pat.] Mabuti, kumain ka ng iyong hapunan kung gayon. Sumampalataya nang iyong buong puso. Si Jesus Cristo ay pagagalingin ka. Sampalatayanan lamang ito ngayon. ["Haleluya! Salamat po, Jesus."]

194 Tayo ay estranghero sa isa't isa. Saan nga nananahan ang Dios sa tao? Sa puso. Iyan ay kung saan ang problema mo,

ito'y nasa iyong puso, hindi dahil sa wala ang Dios. Ngunit sa pagpapakawala ng pananampalataya mo, para mapagaling ang problema sa puso na iyan, at gagaling ka. Humayo ka't, sumampalataya, sumampalataya nang iyong buong puso. Ngayon, huwag mag-alinlangan. Humayo, sumampalataya.

195 "Kung magagawa mong sumampalataya, lahat ng mga bagay ay posible." Ilan ang sumasampalataya nang buong puso ninyo? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.] Sumasampalataya ba kayo na ang Dios ay naririto upang pagalingin kayo? Kayo ba'y. . . Ang Salita ba'y nagkatawang-tao? ["Amen."] Ano ito? Ngayon, gaano man ako sumampalataya, kailangan n'yong sumampalataya, din. Kita n'yo, ang babaeng humipo sa Kanyang damit, ay sumampalataya.

196 Narito ang isang lalaking nakaupo dito na nakatingin sa akin. May luslos at almoranas. Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Dios? Kung gagawin mo 'yon, mapapasa-iyo ang hinihiling mo.

197 May iba pa bang naririto na sumasampalatayang ang Dios ay nagpapagaling ng mga may sakit at may karamdaman? Sumasampalataya kayo na ang Salita, ngayong gabi, ay nakakaalam ng lihim ng puso? Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan? Mabuti. Ito'y ngayon na kung saan tayo ay talagang huli na mula sa kung ano tayo noon.

198 Paano n'yo sasampalatayanan ito? Ngayon alam n'yo na ang Kasulatan na iyan ay ginawang simple, huwag hayaang ang talukbong ng laman ngayon ay bagabagin kayo, kita n'yo. Alalahanin, ito'y ang ipinangakong Salita para sa panahong ito. Ilan ang nakauunawa nito? Ang ipinangakong Salita. Hindi ko alam kung gaano karaming panggagaya na ang inyong nakita. Ngunit, tulungan nawa ako, ipinangako ito ni Jesus Cristo, at ito ay totoo. Kita n'yo, iyan, iyan ay totoo.

199 Ngayon sinabi rin ba Niya, ang huling mga salita na sinabi Niya bago Siya umalis sa lupa, umakyat patungo sa Langit, ang sabi, "Humayo kayo sa buong sanlibutan," Marcos 16, "ipangaral ang Ebanghelyo. Ang sumampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; ang hindi sumampalataya ay mapapahamak. Ang mga tandang ito ay susunod sa kanila na sumasampalataya"? Nabasa n'yo na ba ito? Ano ba ang huling utos? "Kung kanilang ipapatong sa mga maysakit ang kanilang mga kamay, ang mga ito ay magsisigaling." Ilan ang may alam na iyan ay totoo? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.]

200 Ngayon bawat isa sa inyo, may ilang minuto ang nakakaraan, ay itinaas ang kamay na kayo ay isang mananampalataya. Ngayon maaari n'yo bang ipatong lang ang inyong mga kamay sa bawat isa diyan? Hindi natin kailangang magpatuloy; alam n'yong Siya ay naririto, bakit hindi na lamang ipatong ang inyong mga kamay sa bawat isa at manalangin para sa

taong iyan na nakaupo sa tabi n'yo, kung kayo ay isang mananampalataya. Ngayon, Sabi Niya! Ngayon, hindi, hindi sa akin 'yon, ito'y kayo, bawat isa sa inyo. Sinasampalatayanan n'yo na ba ito ngayon? Sabihin, "Amen." [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.] Mabuti.

201 Ngayon, tingnan n'yo, huwag kayong manalangin para sa inyong sarili, dahil 'yung tao na nakapatong ang mga kamay sa inyo ay dumadalangin para sa inyo. Kita n'yo, ipanalangin n'yo sila, at ako'y mananalangin para sa inyong lahat. At kung inyo lamang sasampalatayanan ito, nang may pagkakaisa, ito'y magiging pinakadakilang oras na kailanma'y nakita n'yo.

202 Ang Presensiya ni Jesus Cristo, na nararapat na magbigay-liwanag sa iglesya, upang malaman na sa mga huling araw na ito kung saan ang mga kredo at mga denominasyon at mga ismo at ang lahat ng bagay ay lubusan nang inalis ang—ang Salita, at si Jesus na Salita ay nasa labas ng iglesya, at makita n'yo Siyang bumalik muli sa kalagitnaan ng mga tao at ipinapakilala ang Kanyang Sarili tulad ng Kanyang ipinangako, "sa huling mga araw kapag ang Anak ng tao ay inihahayag na." Siya ay nahayag sa bautismo; Siya ay nahayag sa Banal na pagpapagaling; narito Siya na nasa Kanyang huling katangian. Alalahanin, iyan ang huling bagay na nakita ni Abraham bago bumaba ang apoy at hatulan ang mundo ng mga Hentil, at bago dumating sa tagpo ang pangakong anak, si Isaac. Ito ang huling bagay na makikita ng Cristianong iglesya, sa tanda ng himala, hanggang sa pagpapakita ni Jesus Cristo. Kung ang Dios ay binigyan ako ng pabor sa harapan ninyo, maniwala kayo sa akin sa Pangalan ng Panginoon, wala nang natitira pa sa Biblia na kailangang mangyari kundi ang pagtanggap sa tatak ng hayop; at taglay ninyo ang Tatak ng Dios.

203 Ipanalangin mo 'yung taong nakahiga diyan, nakaupo sa tabi mo. Ipatong mo ang iyong kamay sa kanila. Ako—ako ay naghahanap ng mga lumpo; wala akong nakikita. Pero ang pansamantalang higaan na iyan, sa palagay ko, ay naging, oh . . . O sige, ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa bawat isa at manalangin.

204 Minamahal na Jesus, kabanal-banalang Anak ng buhay na Dios, Na naririto ngayong gabi sa anyo ng Espiritu Santo, binago ang Kanyang anyo at bumaba at inihayag ang Kanyang Salita sa mismong katawang laman; mga kalalakihan, mga kababaihan, mula sa lahat ng antas ng pamumuhay, ipinakikita na Siya ay nabubuhay pa rin. Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

205 Panginoong Jesus, kami po ay naririto sa dakilang siyudad ng Topeka, kami ay nariritong nagkakatipon-tipon kasama ng Iyong mga anak. At dumadalangin kami, na yamang Ikaw ay nakilalang lubos na kasama namin, na ngayon ay

Iyong patutunayan ang Iyong Salita, ang huling utos, na nagsasabi, "Sila'y magpapatong ng kanilang kamay sa mga maysakit, ang mga ito'y magsisigaling." At ang mga tao, mga umaamin ng kasalanan, at ipinanganak na muli ng Espiritu, ay nagpapatungan na ngayon ng kanilang mga kamay sa isa't isa, upang makiisa sila sa isa't isa, na taglay ang Iyong utos at Iyong Salita.

206 Ngayon, Satanas, hindi mo na magagawa pang hawakan ang mga tao. Sila ay nasasakop ng Salita ng Dios. Lumabas ka mula sa kanila, ang mga karamdaman na nasa katawan nila. Huwag na silang pahirapan pa. Palayain sila, magmula sa gabing ito. Kami, bilang mga lingkod ng Dios, na ipinakilala upang patunayan ang Salita, ay inuutusan ka sa Pangalan ng Dios na buhay, si Jesus Cristo na Salitang nagkatawang-tao sa aming kalagitnaan, lumabas ka sa mga taong may karamdamang ito, at palayain sila, para sa Kaharian ng Dios, at sa kautusan na ibinigay sa amin ni Jesus Cristo na Anak ng Dios. Amen.

207 Lahat ng sumasampalataya at tinatanggap ang inyong kagalingan, nang walang anumang pag-aalinlangan, dito sa loob ng tabing ng Kaluwalhatiang Shekinah, upang makita ang ipinangakong Salita na ating tutunguhin pang lalo sa linggong ito, makita Itong nahayag sa mismong harapan natin, magsitayo tayo at sabihin, "Tinatanggap ko ngayon ang aking kagalingan. Sumasampalataya ako na si Jesus Cristo ngayon ay pinagagaling ako. Nang buong puso ko, sinasampalatayanan ko ito. Tinatanggap ko ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo." Pagpalain kayo ng Dios. Itaas ang inyong mga kamay ngayon. At bawat isa sa inyo, sa inyong sariling paraan, magbigay sa Kanya ng pasasalamat para sa inyong kagalingan. Amen.

*ANG NAKILALANG CRISTO SA LAHAT NG KAPANAHUNAN* TAG64-0617
(The Identified Christ Of All Ages)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Miyerkules ng gabi, Hunyo 17, 1964, sa Municipal Auditorium sa Topeka, Kansas, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2010 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org